Official Quarterly Newsletter of the Provincial Government of Cavite

# TAPATANG CAVITEÑO

TAPAT SA LALAWIGAN. TAPAT SA KAUNLARAN



Volume 1 Issue 1 July-September 2010

# GOB. JONVIC REMULLA:
## Tapat sa Lalawigan, Mahal ng Mamamayan!



kuha ni: Nestor Soro

■ GINA PEREÑA

### SINO NGA BA SI GOB. JONVIC REMULLA?


Bilang bagong halal na gobernador, marami ang hindi pa nakakakilala sa tunay na Jonvic Remulla. Sa aming pagtatanong sa mga kaibigan at kakilala, mga empleyado ng kapitolyo, sa mga mahal niya sa buhay at sa mga karaniwang tao, hindi mabilang na mga sagot ang aming nakuha. May mga positibo at negatibo, may mga papuri at puna. Subalit ano man ang saloobin ng tao patungkol sa kanya ay handang tanggapin ng gobernador. Bukas ang kanyang tanggapan upang harapin at kausapin ang lahat ng sa kanya ay lumalapit sapagkat sa ganitong paraan, maipakikilala nya ang kanyang sarili at higit sa lahat, ang kanyang prinsipyo – ang paglilingkod ng tapat sa bayan.

Sino nga ba si Gobernador Juanito Victor Remulla, Jr.? Alamin natin mula sa mga taong higit na nakakakilala sa kanya.

**BILANG ASAWA.** Pinasyalan namin ang kanyang butihing maybahay, si Dr. Agnes Remulla sa GEAMH kung saan siya ay isang *volunteer ENT specialist.* Dito masaya niyang inilarawan si Gob. Remulla bilang isang mabait at maasikasong asawa na sa kabila ng kaabalahan sa kanyang mga tungkulin sa lalawigan ay sinisikap maglaan ng oras para sa kanya. Kwento ni Doktora, bilang mag-asawa na pinagbuklod ng tunay na pagmamahal, sinisikap nilang punan ang mga pagkukulang sa pamamagitan ng bukas na pag-iisip at tiwala sa isa't isa. Ito raw ang sikreto kaya anumang suliranin na kanilang pinagdaraanan ay kanilang nalalampasan. Sabi pa niya, sadya yatang ipinanganak si Gob. Remulla upang maglingkod sa mga kababayan kaya lagi siyang nakasuporta rito at anumang balakid ay magkasama nilang haharapin. Bilang maybahay, siya ang nagsisilbing ilaw at liwanag sa buhay ng gobernador.

**BILANG AMA.** Marami ang hindi nakaaalam na isang *hands-on father* si Gob. Remulla sa kanyang limang anak na sina Katherine Isabel, Rosanne Margarita, Andrea Victoria, Stella Roberta at Santiago Juanito. Para mahubog ang kabutihang-asal ng mga ito, magandang halimbawa at mabubuting kaugalian ang gusto niyang makagisnan ng kanyang mga anak. Balanse ang ipinakikita niyang pagdisiplina at pagbibigay laya sa kagustuhan nila. Hindi mahigpit, subalit hindi rin maluwag. Ang kanyang mga kautusan bilang ama ay kabisado na ng kanyang mga anak kaya't madali para dito ang pagdisiplina sa mga bata. Tinitiyak din niya ang magandang hinaharap ng kanyang mga supling. Ang gobernador mismo, kasama ang kanyang maybahay, ang personal na nagsasadya sa paaralan ng mga ito kapag *enrollment*, siya ring kumukuha ng *card* at dumadalo sa mga *meetings* at programa sa paaralan. Kapag may pagkakataon, siya rin ang naghahatid sa mga ito sa paaralan. Nakakatuwang isipin na sa labas ng kapitolyo ay simpleng simple ang buhay ng gobernador ng Cavite, isang simpleng

sundan sa pahina 3



## CAPTURED
*news in a flash*

isinulat ni: **Gina Pereña** kuha ni: **Victor Bibit**

**SALIN-KATUNGKULAN.** Simple at mapayapa ang naganap na pagsasalin ng kapangyarihan sa bagong halal na Gob. Juanito Victor Remulla mula kay dating Gobernador at bagong halal na kinatawan ng ikatlong distrito, Ayong S . Maliksi sa ginanap na turn-over ceremony sa ceremonial hall ng kapitolyo sa Trece Martires City noong ika-30 ng Hunyo. Ayon kay Gob. Remulla, nakahanda siyang ipagpatuloy ang mga programang nasimulan ng dating gobernador at nangakong sa kanyang termino, bibigyang prayoridad ang serbisyo –publiko sa mga Kabitenyo.



## ARTA LAW, laban sa korapsyon,
### TUNGO SA MAHUSAY NA SERBISYO-PUBLIKO…

■ JO-ANN NAZARENO LOYOLA

Kauna-unahan sa mga ipinag-utos ni Governor Jonvic Remulla ang pagsasaayos ng mga transaksyon sa kapitolyo at ang pagpapabilis ng proseso upang maipagkaloob sa mga mamamayang Caviteño ang mga serbisyong nararapat sa kanila. Ang utos ni Governor Remulla ay naayon lamang sa batas at bilang unang hakbang, itinalaga niya si Alvin Mojica upang mamumuno sa pagsasaayos ng *Citizen's Charter* ng lalawigan upang mapaigting ang kampanya laban sa katiwalian.

Layunin ng Republic Act No. 9485 o *"Anti-Red Tape Act of 2007"* na magkaroon ng maayos, mabilis, epektibo at malinis na transaksyon sa gobyerno upang ibalik ang tiwala ng mamamayan sa mga empleyado ng gobyerno. Hangad din ng batas na ito ang maiwasan at tuluyan nang maiwaksi ang *graft and corruption* sa pamahalaan.

Upang maipatupad ang batas na ito, ang bawat tanggapan ng gobyerno ay inatasang gumawa ng *Citizen's Charter* kung saan napapaloob ang mga sumusunod:

a. Serbisyong ginagawa o ipinagkakaloob sa isang tanggapan ng gobyerno;

b. Mga *requirements* o mga papeles na kailangan upang ma-*avail* ang naturang serbisyo;

c. Ang oras na gugugulin ng isang aplikante upang ma-*avail* ang serbisyong hangad nito;

d. Ang halaga ng babayaran upang ma-*avail* ang serbisyo;

e. Ang pangalan ng taong mangangasiwa sa nasabing serbisyo, nakasaad din ang kanyang posisyon, at telepono ng tanggapan;

f. Pamamaraan kung paano maghahain ng reklamo o suhestyon sa nasabing tanggapan.

Napapaloob sa *Citizen's Charter* ang mga *frontline services* na ginagawa ng pamahalaang panlalawigan at kung paano ito makakatugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan. Siniguro ng pamahalaang panlalawigan na malinaw ang proseso at mabilis itong maipagkakaloob sa mga tao. Gumawa rin ng paraan ang pamunuan ng kapitolyo kung paano malalaman ang mga hinaing, reklamo at opinyon ng mga mamamayan.

Sa pamamagitan ng *Citizen's Charter* magkakaroon na ng maayos at mabilis na transaksyon sa kapitolyo at maiwasan na ang *graft and corruption.*

# Sa mga mamamayang Kabitenyo,

Malugod po naming inihahandog sa inyo ang unang edisyon ng opisyal na lathalain ng Pamahalaang Panlalawigan – ang Tapatang Kabitenyo. Alinsunod po ito sa adbokasiya ng inyong lingkod bilang Ama ng Lalawigan, ang tapat na paglilingkod sa bayan at matuwid na pamamahala.

Ang lathalaing ito ang magsisilbing kalatas ng mga impormasyong nais ninyong malaman sa Pamahalaang Panlalawigan na maglalaman ng mga makatotohanang pahayag, programa at gawain na aming isinusulong para sa kapakanan ng mamamayang Kabitenyo. Sa unang edisyon ng Tapatang Caviteño, hayaan ninyong ipakilala namin ang mga bagong opisyal ng lalawigan na inyong iniluklok sa gobyerno at ang bagong hanay ng mga hepe na magiging katuwang sa paglilingkod-bayan. Narito rin ang mga paunang kaganapan sa loob ng humugit kumulang isandaang araw ng aking panunungkulan.

Sa pamamagitan po nito ay hinihiling ko ang inyong pakikibahagi sa amin upang higit na mapabuti ang antas ng paglilingkod sa bayan. Nawa po ay patuloy namin kayong maging kaagapay sa pagsusulong ng bagong Cavite, tungo sa mas maunlad na bukas at masaganang pamumuhay.

Maraming salamat po!

JUANITO VICTOR C. REMULLA, JR.
GOBERNADOR

## TAPATANG CAVITEÑO

Ang "Tapatan" sa titulo ng pahayagang ito ay katumbas ng matapat na pamamahala. Ang lalawigang matapat na pinamamamahalaan ay nailalantad ang nakatagong kahinaan, at namamanipula ang taglay nitong kalakasan. Ang pamamahalang matapat ay nahaharap ng buong linaw at buong tapang ang anumang suliraning nagbabanta sa lalawigan. Ayon kay Lao Tzu, kung kilala natin ang ating sarili at kilala rin natin ang ating kaaway, makasisiguro tayo sa ating tagumpay.

Ang Caviteño ay mamamayang matapat. Pinipili natin ang pagiging matapat dahil hindi tayo makapagsisinungaling sa ating mga sarili. Pinipili nating maglingkod ng may katapatan. At ang tapat at bukas na pahayagan mula sa mga namamahala ay kinakailangan ng mga karaniwang Caviteño. Kailangan nilang malaman at yakapin ang adhikain ng pamahalaang panlalawigan upang magkaroon sila ng tapang na humakbang mula sa pagiging 'miron' o *'bystander'* patungo sa aktibong bahagi ng pamahalaan. Sapagkat walang mabuting pamamahala, kahit gaano kagaling ang mga namamahala, kung wala namang sumusunod dito. Ang isang malinaw na layunin ay makapagbubura ng kalituhan sa kaisipan ng mga mamamayan upang sila'y makilahok sa pag-unlad ng lalawigan.

Pinahahabang Sinag ng Araw. Ang pinahahabang *(elongated)* sinag ng araw mula sa bandila ng Pilipinas ay sumasakop sa salitang CAVITE. Nangangahulugang ang Cavite ay "province of destiny". Bilang unang probinsiya na nakipagdigma laban sa kolonisasyon, ngayo'y naninindigan ang Cavite bilang pangunahing lalawigan sa kaunlaran. Bilang probinsiya na may pinakamalaking populasyon, nangangahulugan ito na tunay na nangunguna ang lalawigan sa kaunlaran. Ang tagumpay nito ay tagumpay din ng buong bansa at bilang nangungunang sinag, ang Cavite ay magbibigay daan din sa kaunlaran ng ibang lalawigan. Kagaya ng sinabi ng Biblia "Itong bayang nag-apuhap sa gitna ng kadiliman, sa wakas ay nakakita ng maningning niyang ilaw", ang Cavite ay magsisilbing lalawigang naliwanagan upang pangunahan ang ibang lalawigan.

Maalong Marka sa Ñ. Ang maalong *(wavy)* marka sa letrang Ñ ay nananatiling tapat sa kasaysayan ng Cavite bilang probinsiya na kung saan idineklara ang kalayaan ng Pilipinas, at nagsisilbing tapat sa panawagan na palayain ang mamamayan ng Cavite sa sumpa ng kahirapan. Ang daloy ng marka ay mapapansing papataas, na nangangahulugan ng tuluy-tuloy na progreso sa buhay ng mga Caviteno.

Ang Dictum: "Tapat sa Lalawigan." Paglilingkod-bayan kung saan katapatan sa lalawigan ang nangunguna. Pagiging totoo sa legasiyang tinataglay nito, at pagiging totoo sa tadhanang tinatahak nito bilang p*remier province* sa buong Pilipinas. "Tapat sa Kaunlaran." Ang pagiging matapat ngunit hindi kalakip ang pag-unlad ay nanganganib na mapailalim ng pang-uuyam. Kung kaya, ang *complacent-free honesty* o katapatang hindi nakikipag-kompromiso ang tanging makasisiguro sa pag-unlad ng lalawigan at siyang nararapat na palagiang hangarin. Sapagkat ang panlabas na panukat sa tagumpay ng lalawigan ay nasa kanyang kaunlaran, ang panloob na panukat naman ng kaniyang tagumpay ay kung papaano itinatangi at ipinagmamalaki ng bawat mamamayang Caviteño ang kanilang lalawigan na siyang magiging tirahan din ng kanilang magiging anak.

(PAUL MARK M. FERANIL)

TAPATANG CAVITEÑO
TAPAT SA LALAWIGAN. TAPAT SA KAUNLARAN


**JO-ANN NAZARENO LOYOLA**
Head, Provincial Information & CommunityAffairs Department
Editor-in-Chief

**EVELYN REYES, GINA P. PEREÑA, ADELAIDA L. LLACER, REBECCA A. PATRICIO, AMELIA C. CABRERA, ROCHELLE V. DONES, JANICE L. DEL MUNDO, PAUL MARK FERANIL, DELIA MONREAL**
Writers/Researchers

**PAUL MARK M. FERANIL, LEONEL DE VEGA, DEXTER SOLIS, JESTY GONZALES, BENJOMAR API**
Lay-out Artists

**VICTOR BIBIT, NESTOR SORO, ARNULFO CREENCIA**
Videographers / Photographers

**ANNAMAY SERRANO, ESTER TULABOT, KAREN DE LARA, MARINA DESTURA,ROSALINA VINZON, LILIA BAUTISTA, ANA VILLARIASA, EVELYN DILOY, JOY NAZARENO, EMIROSE CATCALIN, JORGE SANTOS**
Circulation




# Editoryal

## Pagharap sa 6-17 Challenge

*"Good Governance translates into Good Politics"*. Ito ang bagong *slogan* na nagsisilbing gabay sa pamamahala ng bagong administrasyon sa pangunguna ni Gob. Jonvic Remulla. Dito naka-base ang bawat polisiya at programang ipinatutupad ng Pamahalaang Panlalawigan. Ito rin ang susi na magiging instrumento sa matagumpay na pagharap sa *6-17 challenge – "To ensure better quality of life for 6 million Caviteños in 2017, Make Cavite a better place to live, work, and do business"*.

Kumakatawan ang mga numerong 6-17 sa *population forecast* sa Cavite na tinatayang anim na milyong mamamayan sa pagdating ng taong 2017. Kung ang kasalukuyang *estimate* ay nasa tatlong milyon, nangangahulugang dodoble ito sa susunod na pitong taon, gayundin ang mga pangangailangang dapat tugunan ng pamahalaan. Kaya't nararapat ang maagap na pagtanaw sa malapit na hinaharap upang maging handa sa mga implikasyon ng lumolobong populasyon. Sa paglobo ng populasyon, kakaharapin ng lalawigan ang mga pagsubok gaya ng kawalan o kakulangan sa hanapbuhay, kakulangan sa pagkain, kakulangan sa maayos na pabahay, pagkakaroon ng masikip na daloy ng trapiko, pagkagumon sa alak at ipinagbabawal na gamot, kawalan ng maayos na sanitasyon. Ilan lamang ito sa mga mala-piranhang pagsubok na kakaharapin ng lalawigan na kung hindi magiging matalino sa pagsugpo ang kasalukuyang nanunungkulan ay unti-unting papatay sa buong lalawigan.

Sa pagbalangkas ng Executive and Legislative Agenda, binigyang-diin rin ng Gobernador ang kahalagahan ng mabuting pamamahala kasabay ng paglalatag ng *blueprint* ng bagong *"triangle growth corridors"* ng lalawigan. Upang masimulan ang mga planong pangkaunlaran, kailangang simulan ito sa pagpapatatag sa pundasyon ng pamamahala sa pamamagitan ng *social reinvention*, kung saan may *transparency* sa gobyerno, may angkop na platapormang pang-ekonomiya na tutugon sa tunay na pangangailangan ng mamamayan at matuwid na sistema ng pamamalakad.

Sinimulan nang ipatupad ng administrasyon ang mga pagbabago na gaya ng pagbabawas ng gastusin nito sa mga programa, pagbabawas ng pinasasahod na empleyado, pagbabago ng pamunuan ng kapitolyo at mga bagong sistemang ipinatutupad sa loob nito. Ang parehong diwa ng pagtitipid o mas tamang sabihing pagsasaayos ng pinagkakagastusan ng kabang-bayan ay ipinanawagan din ng Gobernador sa lahat ng lokal na pamahalaan at mga departamento ng pamahalaang panlalawigan. Magandang simula na sana ay pangatawanan at sundan ng mga nasa kapangyarihan upang ang gobyerno ang maging halimbawa ng mamamayan sa payak na pamumuhay. Kung ano ang kailangan, ito ang dapat pagtuunan ng pansin at hindi ang mga walang direktang maitutulong sa pag-unlad ng bayan.

Para sa mga mamamayan, kung nais natin ng pagbabago, huwag din naman nating iasa ang lahat sa gobyerno. Dapat may pakialam tayo at may papel tayong gagampanan para naman may maiambag tayo sa pagbabago ng lalawigan. Tandaan natin na kasama tayo sa anim na milyong Kabitenyo sa *6-17 challenge* kaya't dapat kasama rin tayo sa paghanap ng solusyon.

# BAGONG TRIANGLE GROWTH CORRIDORS ng Cavite

Sa pagpasok ng bagong administrasyon, inilatag ni Gobernador Jonvic Remulla ang direksyong tatahakin at programang pangkaunlaran ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng pagtukoy sa tinatawag na *"Growth Corridors"*. Binubuo ito ng mga bayan at lungsod sa Cavite na may angkop na lokasyon, magandang potensyal pang-ekonomiya at turismo at mayamang kasaysayan na dapat linangin at paunlarin.

Kauna-unahan sa *growth corridors* ang mga bayan at lungsod na malapit sa baybayin gaya ng Bacoor, Kawit, Noveleta, Rosario, Tanza at Cavite City na tinatawag na *"Cavite El Viejo – La Llave de Manila " (the key to Manila)* o ang *Old Cavite*. Dahil malapit ito sa dagat, at nagsilbing tirahan ng mga sinaunang mamamayan, ang mga bayang ito ang unang umunlad sa kasaysayan at naging sentro ng industriya ng paggawa ng mga sasakyang-dagat at pangisdaan. Bago pa man masakop ng dayuhan ang Pilipinas, malaki ang naging papel ng mga baybaying ito sa komersyo at pakikipagkalakalan sa mga Intsik. Naging daungan din ito noong panahon ng Kastila ng *Manila-Acapulco Galleon Trade* at lokasyon ng mga instilasyong militar noong panahon ng digmaan.




Dahil bungad mula sa Metro Manila ang mga nasabing bayan, ito ang nagsisilbing pinto ng lalawigan sa Maynila at mga karatig na rehiyon. Dagdag pa ang malaking ambag nito sa kasaysayan na magsisilbing pang-akit sa mga turista at mag-aaral ng kasaysayan. Dito rin matatagpuan ang Fort San Felipe at Sangley Point, dalawa sa mga *naval bases* sa Pilipinas na mahalagang sangkap sa pagpapaunlad ng mga magkakaratig-bayan upang maging lugar na angkop bilang l*ogistic hub* at *economic zone*. Dito inaasahang uusbong ang mga industriya gaya ng *information technology* at kikilalaning bagong sentro ng pandaigdigang komersyo at kalakalan.

Ikalawa sa *growth corridors* ang mga bayan ng Imus, Gen. Trias, Dasmarinas, Gen. Mariano Alvarez, Carmona, Trece Martirez, Naic kasama pa rin ang bayan ng Bacoor at Kawit. Ito ay tinaguriang *"Cavite el Nuevo"* o ang *New Cavite*. Sa mga bayang ito sumiklab ang tinaguriang "ikalawang rebolusyon" na ang pangunahing layunin ay industriyalisasyon at nagpaangat ng ekonomiya ng lalawigan. Kasabay ng paglago ng mga industriya, lumaganap din ang mga *subdivision* at *industrial estates* na naging sanhi ng mabilis na paglaki ng populasyon. Malawak ang mga lupain sa mga bayang ito na inaasahang patuloy na magiging sentro ng industriyalisasyon at komersyo, *residential sites*, mga paaralan at unibersidad. Nakaplano rin ang pagbubukas ng mga bagong ruta sa bahaging ito upang maibsan ang trapiko sa mga pangunahing lansangan.

Ikatlo sa itinuturing na *growth corridor* ng lalawigan ang *"Metro Tagaytay"* na kinabibilangan ng mga bayan ng Silang, Alfonso, Mendez, Amadeo, Indang, Magallanes, Gen. Emilio Aguinaldo, Maragondon, Ternate at Tagaytay City. Ang lungsod ng Tagaytay ay kilala at dinarayo ng mga turista dahil sa malamig na klima at magandang tanawin. Ito ang inaasahang hahatak ng mga turista patungo sa mga karatig-bayan upang bisitahin din ang kagandahang hindi pa nadidiskubre gaya halimbawa sa bayan ng Alfonso kung saan may *Flower Festival*, o kaya ay Silang na kilala sa iba't ibang prutas. Angkop din ang lugar upang maging pahingahan dahil sa pagsulputan ng mga *hotels* at magagandang *restaurants.* Malapit din ito sa Metro Manila kaya't madaling puntahan ng mga nais magpalipas ng oras upang makasumpong ng katahimikan. (ni Gina Pereña)

# "TURISMO, TOURMISMO" – PAGPAPAYABONG NG TURISMO SA CAVITE



ROCHELLE DONES

Kilala ang lalawigan ng Cavite sa mayamang kasaysayan, maunlad na industriya at likas na magagandang tanawin na kinagigiliwan ng maraming turista. Dahil dito, isa sa mga pinagtutuunan ng pansin ng Pamahalaang Panlalawigan ang pagpapayabong ng turismo at pag-akit ng mga mamumuhunan sa lalawigan. Kabilang ito sa mga hakbang ng gobyerno upang mapataas ang antas ng ekonomiya ng probinsya.

Sa ginanap na pulong sa Legislative Building Conference Hall noong ika-29 ng Hulyo, kasama ang Chairman ng Sangguniang Panlalawigan *Committee on Tourism* na si BM Ryan Enriquez, mga kasapi ng *Cavite Provincial Tourism Board, Inc.*, at ang Provincial Tourism Development Office sa pamumuno ni Ms. Liberty A. Herrera, tinalakay ang estado ng turismo sa lalawigan. Kasabay nito, nabuo ang *tagline* na "Turismo, Tourmismo" na ikakabit sa anumang programang may kinalaman sa pagpapayabong ng turismo, gayundin ang mga programa ng Provincial Tourism Development Office kaugnay ng selebrasyon ng Buwan ng Turismo.

Dahil sa tulong at buong suporta ni Gob. Jonvic Remulla, matagumpay na nailunsad ang iba't ibang programang panturismo sa buong buwan ng Setyembre kabilang ang *Tourism Trade Fair* na ginanap sa Summit Ridge Promenade, Tagaytay City noong Setyembre 17-19, 2010. Nilahukan ito ng mga SMEs (*Small and Medium Scale Enterprises*) na nagpakita ng iba't ibang maipagmamalaking produktong gawa ng mga Kabitenyo. Kasama din sa lumahok ang matagumpay na *gown designer*, si Emar Vida, na kilala sa mga gawa niyang magagarang damit ng mga Santo o *religious statuettes.* Nagkaroon din ng *cultural show* at *photo exhibit* para maipamalas ang tunay na ganda at yaman ng lalawigan.

Kasunod nito, isinagawa ang *Skills Training on Tourist Reception and Guiding Techniques* noong Setyembre 22-24 sa DAP (Development Academy of the Philippines) Hotel, sa nasabi ring lungsod, katuwang ang DOT Region IV sa pamumuno ni Regional Director Louella C. Jurilla. Sa programang ito, sinanay ang lahat ng *City/Municipal Tourism Coordinators* at ilang *Tourism Students* mula sa iba't ibang unibersidad sa Cavite tungo sa mas mahusay na paghawak ng mga programang panturismo at mas mainit na pagtanggap sa mga turista.

Para naman mapataas ang antas ng *tourist arrival* sa lalawigan, idinaos sa ikalawang pagkakataon ang *Familiarization Tour to Cavite's Heritage Sites* noong ika-28 ng Setyembre, kung saan mga tour operators at travel agents na miyembro ng NAITAS, PHILTOA at PTAA ang lumahok. Inaasahang tutulong ang mga samahang ito na makahikayat ng mas maraming turista sa Cavite.


Bilang huling hirit sa selebrasyon ng Buwan ng Turismo, nagkaroon ng Fun Hike sa Mt. Pico de Loro, Maragondon noong ika-30 ng Setyembre, dala ang adbokasiya sa pangangalaga ng kalikasan at mga likas na yaman na matatagpuan dito. Bantog ang nasabing lugar bilang pinakamataas na bundok sa lalawigan na tahanan ng mga kaakit-akit na flora and fauna, at paboritong puntahan ng mga adventure tourists at mountaineers. Masigasig na sumali ang ilang miyembro ng LGUs, Cavite Camera Club, piling opisyal ng PNP at Air Force, mga kawani ng Provincial Information and Community Affairs Department, Provincial Tourism at Environment and Natural Resources Office na nagsilbing gabay sa nasabing fun hike.

mula sa pahina 1

ama na laging hangad ang kabutihan at kaligtasan ng kanyang mga anak.

BILANG KAIBIGAN. Mabait, maasikaso at mabuting kaibigan si Gob. Remulla. Habang nadaragdagan ang kanyang edad, dumarami ang mga kaibigang nagmamahal at nagmamalasakit sa kanya. Para sa kanila, mahusay makisama at palabiro ang gobernador. Taliwas ito sa sinasabi ng mga hindi nakakakilala sa kanya na ang gobernador daw ay suplado at mahirap lapitan. Kung mabibigyan ang bawat isa ng pagkakataon na kilalanin ang gobernador, mararamdaman nila na totoong tao lamang ito… walang kaplastikan at pagkukunwari sa nararamdaman, diretsong magsalita at walang ligoy kung mangusap. Walang kiyeme, ika nga.

BILANG GOBERNADOR. Matiyaga, masipag, buo ang dedikasyon sa piniling bokasyon at may prinsipyo si Gob. Remulla. Seryoso ang kanyang polisiya na maalis ang korapsyon sa lalawigan kaya't tapat na pamamahala ang kanyang isinusulong. Masigasig niyang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin bilang ama ng lalawigan at para sa kanya, bawat oras na ipinaglilingkod sa bayan ay mahalaga. Umani man siya ng batikos at negatibong impresyon para sa iilan, nakahanda siyang suungin ang lahat upang patunayan ang hangarin na maiangat ang estado ng serbisyo publiko lalo na para sa mahihirap na kababayan. Lagi niyang binibigyang-diin ang pagtitipid, wastong paggastos at pag-iimpok upang magamit sa makabuluhang proyekto ang kaban ng lalawigan. Pagkakaisa sa makabagong lalawigan ang hangad ng bagong halal na gobernador at nananawagan siya na makilahok ang bawat Kabitenyo sa pagkilos upang makamit ang adhikain tungo sa isang maunlad na lalawigan kung saan bawat mamamayan ay may pantay na pagkakataon sa serbisyo ng pamahalaan.





# Araw ng kalikasan sa CvSU

■ Gina Pereña

Alinsunod sa pagsusulong ng programang pangkalikasan, tinanggap ni Engr. Rolinio Pozas ng Provincial Government-Environment and Natural Resources Office ang imbitasyon ng Department of Forestry and Environmental Science ng Cavite State University – Indang Campus na magdaos ng isang *exhibit* ukol sa mga programa at proyekto ng tanggapan. Layon ng programa na maipakita ang mga *bags* na yari sa *recyclable materials* gaya ng lumang papel, dyaryo, t*elephone directories* at *tetra packs*.

Nagsimula ang proyekto noong ika-6 hanggang 9 ng Setyembre at pinangunahan ito nina Engr. Ruperto Arca at Vonn Ernest Javier ng Waste Management Division, kasama ang mga tagapagsanay ng paggawa ng bag na sina Gng. Segundina Aniano at Gng. Amelita Santiago.

Kabilang din sa ipinakita sa naturang *exhibit* ang iba t ibang produkto mula sa kaong at *dragon fruit*. Nagkaroon din ng *lecture* ukol sa *climate change* at mga paligsahan ng mga mag aaral gaya ng *environmental quiz contest*, *poster making* at *demo* ng *plastic recycling*.

Inaasahang sa pamamagitan ng pagdaraos ng ganitong mga programa, mahuhubog ang kaalaman ng mga mag-aaral at pamunuan ng CVSU upang matukoy ang mga suliranin sa kanilang paaralan na nakaaapekto sa kapaligiran gayundin kung paano mapangangalagaan ang kalikasan.

**MGA PRODUKTONG** yari sa *recyclable materials* gaya ng lumang papel, dyaryo, *telephone directories* at *tetra packs*.





# Pagsasanay Pangkabuhayan sa mga PRESO

■ Gina Pereña

Kaugnay ng kampanya ni Gobernador Jonvic Remulla ukol sa pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa kasanayang pangkabuhayan para sa mga Kabitenyo, pinangunahan nina Engr. Rolinio Pozas at Engr. Ruperto T. Arca ng Provincial Government – Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO) ang dalawang araw na *seminar/workshop* para sa mga preso sa Cavite Provincial Jail.

Ang naturang proyekto ay isinagawa noong ika-17 – 18 ng Agosto matapos itong aprubahan ni Provincial Administrator for External Affairs Efren Nazareno.

Katuwang ang ilang pribadong organisasyon gaya ng San Technology at Hella Philippines at iba pang ahensya ng pamahalaang panlalawigan, itinuro sa mga preso ang kahalagahan ng pagreresiklo ng basura upang maging kapaki-pakinabang na produkto. Mula sa mga diyaryo at lumang *telephone directories*, tinuruan silang gumawa ng iba't ibang *fashion accessories* tulad ng bag at iba pang mga gamit na maaring ibenta upang pagkunan ng kanilang pagkakakitaan.

Layon ng naturang programa na mabawasan ang basura, mapalawak ang kaalaman ukol sa *environmental consciousness* at makapagbigay ng oportunidad sa mga bilanggo na mabawasan ang kanilang kahirapan.

## Serbisyong Angkop sa Wastong Kalusugan

### Serbisyong Tapat sa Bayan

Sa kasalukuyan, umaabot ang populasyon ng Cavite sa tatlong milyon. Sa laki ng populasyon ng lalawigan, malaki ang kinakaharap na suliranin ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangang pangkalusugan ng mga Kabitenyo.

Kaugnay nito, para sa taong 2010 hanggang 2012, naglatag ang pamahalaang panlalawigan ng mga gawain upang mas matutukan ng pansin ang ibinibigay na serbisyong medikal sa mga tao. Kasabay nito, inilunsad ang Health and Human Services Office sa pangunguna ni Dr. Godwyn Bernardo. Dito, nakatalagang bigyan ng prayoridad ang pagbuo ng mga polisiyang pangkalusugan na tumutugon sa pangangailangan ng mga tao , gayundin ang aksyon na gagawin sa oras ng trahedya at kalamidad. Nakaatang din sa kanilang balikat ang pagsubaybay at pagsisiyasat sa mga *provincially funded facilities* kagaya ng *manpower, financial resources, performance*, at *fee schedules* ng *practitioners*.

Kasama din na tinututukan ng pansin ang pakikipag-ugnayan sa Philhealth para sa tulong teknikal at pinasyal sa mga mamamayan gayundin ang layunin na maiangat ang bilang ng nakapagpatala sa ilalim ng National Health Insurance program. Sa kasalukuyan, mayroon nang 994 KASAPI *enrollees* ang nakapagpatala at 9,890 mahihirap na Kabitenyo ang natulungan.

Nakatakda ding makipag-ugnayan ang pamahalaang panlalawigan sa mga pribadong pagamutan upang ilunsad ang *Governor Remulla wards* para sa mga mahihirap na sasailalim sa National Health Insurance Program. Sa pamamagitan ng mga programang nabanggit, inaasahang mabawasan ang suliraning pangmedikal ng mga mamamayang Kabitenyo.

(ni Gina Pereña)



# Pagsugpo sa ARMYWORM, tinutukan

■ V.E.Constante

Maagap ang aksyong ginawa ni Gobernador Jonvic Remulla, kaagapay si Provincial Agriculturist Lorena R. Cron sa suliranin ng pag-atake ng *armyworms* sa lalawigan ng Cavite. Kasabay nito, inalerto ng gobernador ang lahat ng Municipal Agriculturist ng lalawigan at pinuntahan ang mga lugar kung saan naitalang umatake ang mga *armyworms*.

Sa tala ng Office of the Provincial Agriculturist, mahigit apat na libong ektarya ng lupang sakahan ang napinsala sa kabuuang 244 barangay na matatagpuan sa 17 bayan at dalawang lungsod sa Cavite. Tanging ang mga bayan lamang ng Carmona, Rosario, Mendez at ang Cavite City ang pinalad na makaligtas sa pinsalang dala ng mga salot na *armyworms*.

Kaugnay nito, hiniling ng gobernador sa Sangguniang Panlalawigan na magkaroon ng *special session* noong ika-13 ng Hulyo ,2010 na naging daan upang maipasa ang Resolution Number 123-s2010 na nagdedeklara sa lalawigan ng Cavite sa isang *State of Calamity* bunga ng pagsalakay ng mga *armyworms* at *cutworms*. Ito rin ang naging dahilan upang mag-utos ang gobernador na maglaan ng 10 milyong pisong *calamity fund* para sa implementasyon ng *rehabilitation program*.

Kasabay din nito, bumili ang pamahalaang panlalawigan sa tulong ng Office of the Provincial Agriculturist ng 425 *knapsack sprayers* at 4,000 litro ng *insecticides* na ipinamahagi sa mga magsasaka na naapektuhan ng pag-atake ng *armyworms*. Sa kasalukuyan, patuloy ang pagsisiyasat at pagbabantay ng OPA kasama ang mga *municipal agriculturist* upang agad na malunasan ang anumang suliranin kaakibat ng pagdami ng *armyworms*.

*photo source: University of Nebraska Department of Entomology*

# Hon. Recto Meñez Cantimbuhan
## Vice Governor - Cavite

■ GINA PEREÑA

Madaling lapitan……sensitibong kausap…at may malasakit sa mamamayan….Ganito kung ilarawan si Vice Governor Recto Cantimbuhan ng mga nakakilala sa kanya. Sa loob ng tatlumpung taon nya sa larangan ng pulitika, dalubhasa at sadyang malalim ang pakikitungo niya di lamang sa kanyang nasasakupan subalit maging sa mga bumibisita sa ating lalawigan.

Taong 1980 ng pumalaot sa pulitika si Recto Cantimbuhan bilang bise alkalde ng Dasmariñas. Sa kanyang termino, unti-unting napaunlad ang noon ay bayan pa lamang ng Dasmarinas. Binigyang prayoridad niya ang edukasyon at paglulunsad ng mga programang pangkomersyo. Bunga nito, nagsulputan ang maraming paaralan at unibersidad, dumagsa ang mamumuhunan at umangat ang antas ng kabuhayan ng kanyang mga kababayan. Matapos ang dalawang taon ng pagsisilbi bilang bise alkalde, taong 1982 hanggang 1998, umupo siya bilang punong bayan. Dahil dito, mas lalong lumago ang kita ng bayan at nadagdagan ang mga programang pangkabuhayan. Mas nabigyang pansin din ang mas maliliit na mamamayan ng Dasmarinas. Matapos ang pagiging punong bayan, nahirang si Cantimbuhan bilang Commissioner ng Presidential Commission for the Urban Poor. Matapos ito,



taong 2004 hanggang kalagitnaan ng 2010, nahalal siyang Provincial Board Member ng ikalawang distrito ng Cavite at naging pinuno ng ibat ibang komite tulad ng Finance, Budget and Appropriation at Rules and Good Governance.

Dahil sa kanyang mahusay na paglilingkod bilang bokal, siya ay nahalal bilang Bise Gobernador ng lalawigan at napiling Region Director IV-A ng League of Vice Governor of the Philippines.

Tunay na hindi matatawaran ang karanasan ni Bise Gobernador Cantimbuhan sa larangan ng pulitika. Isa siyang inspirasyon para sa mga taong nais magsilbi at magmalasakit sa sinilangang bayan. Katulad ng kanyang asawa, si Veronica Jarata Cantimbuhan, dating Mayor ng isang bayan sa Palawan at anak na si Robin Chester, ang nangunang konsehal sa Dasmarinas sa katatapos na halalan, isinasapuso nila ang kaakibat na responsibilidad ng paglilingkod bayan.

Gaya rin ng adhikain ni Gobernador Jonvic Remulla, sinisikap niyang mawala ang anumang uri ng korapsyon at pananamantala sa pamahalaang panlalawigan at sa mamamayan nito. Hangad nila ang pantay na pakikitungo sa bawat Kabitenyo at ang makatarungang pagbibigay serbisyo publiko sa nakararaming kababayan.

# Ang Bagong Provincial Jail

■ GINA PEREÑA

Maaksyon, mabilis at pulido ang ginawang pagbabago sa Provincial Jail ni Romeo Montehermoso, ang bagong Provincial Jail Warden ng Cavite simula ng siya ay maluklok dito nang unang araw ng Setyembre, 2010. Tiyak ang bawat hakbang na binago niya ang sistema sa naturang tanggapan upang mas maging epektibo ang pangangalaga sa mga preso, gayundin ang pagsasaayos ng mga kagamitan at pasilidad nito.



Mabigat ang kaakibat na responsibilidad ng kanyang tungkulin sa 573 bilanggo gayundin sa mga kawani ng Provincial Jail. Subalit sa kabila nito, tiyak ang direksyon na kanyang tinatahak. Una na dito ang pagpapagawa ng bagong *gate* sa may harapan ng tanggapan kung saan sa pagpasok pa lamang ng mga bisita ay dumadaan na sila sa mahigpit na proseso ng pagsisiyasat upang masiguro na walang anumang ilegal na bagay na madadala sa loob ng tanggapan. Binigyang prayoridad din ng bagong *warden* ang kalinisan ng lugar upang makaiwas sa sakit ang mga bilanggo. Inayos din ang tindahan na nasa loob ng tanggapan kung saan ang mga preso din ang nagbabantay.



Makikita rin ang itinatayong *social hall* sa tabi ng *chapel* upang pagdausan ng kanilang mga pulong. Kaugnay pa nito, nagpakabit din ng walong bagong *CCTV camera* sa iba't ibang bahagi ng tanggapan upang masubaybayan ang mga kilos ng mga bilanggo at maiwasan ang pagtakas o paggawa ng mga ilegal na gawain.

Iba't ibang programang pagsasanay din ang nakatakdang ilunsad ni Warden Montehermoso upang magkaroon ng dagdag kita ang mga bilanggo, gayundin upang mas mabigyan sila ng pagkakataon na linangin ang kanilang mga talento. Ilan lamang dito ay ang *bricks making, doormat making*, at paggawa ng iba't ibang *accessories* gamit ang mga *recycled materials*.

Hinikayat naman ng bagong *warden* ang mga Kabitenyo na suportahan ang kanilang mga programa upang mas mapabuti ang pamumuhay ng mga bilanggo at mahikayat na magbagong buhay upang magkaroon ng normal na pamumuhay sa kanilang paglaya sa kulungan. Pinayuhan din niya ang mga ito na umiwas sa mga ipinagbabawal na gawain upang huwag masira ang kanilang kinabukasan.

# Kooperatibismo sa CAVITE

Sa bagong administrasyon ni Gob. Jonvic Remulla, ipagpapatuloy ang pagsusulong sa pagpapalago ng kooperatiba sa lalawigan. Patunay nito ang paghimok ng pamahalaang panlalawigan sa mga Kabitenyo na lumahok at makiisa sa pagpapalago ng kooperatibismo sa Cavite.

Ngayong ika-18 ng Oktubre, idaraos ang 2010 Cavite Cooperative Month Celebration na dadaluhan ng iba't ibang kooperatiba sa lalawigan. Gayundin, tampok sa naturang selebrasyon ang pagbibigay pugay sa mga natatanging miyembro ng kooperatiba na umangat ang kabuhayan dahil sa pagsisikap. Idaraos din ang 3rd Cooperative Leaders Conference sa ika- 27 ng Oktubre sa Lyceum of the Philippines-Cavite Campus. Sa ika- 28 -30 ng Oktubre naman isasagawa ang 1st National Research Conference for Cooperatives sa De La Salle University-Dasmariñas.

Patuloy ang kampanya ng bagong administrasyon upang makahikayat ng mas maraming miyembro ng kooperatiba upang matugunan ang pagbibigay ng sapat na kabuhayan sa mga Kabitenyo. Sa kasalukuyan, 246 aktibong kooperatiba ang nakatala sa Coop Data Bank at 72,771 katao ang kasapi sa iba't ibang kooperatiba ng kanilang bayan. Mayroon ding kabuuang bilang na 1719 kawani ang koop, bukod pa sa P1,585,531,945.35 naipautang sa mga miyembro nito. Samantala, mayroon namang P 1,087,367,820.42 total volume of sales, P 2,672,899,765.77 total volume of transactions, : P 2,429,524,203.62 total assets, at P 839,167,597.54 total members equity.

(ni Gina Pereña)

# Kampanya laban sa DENGUE pinag-ibayo ng PHO

Dahil sa nakaka-alarmang pagtaas ng bilang ng tinamaan ng sakit na dengue sa lalawigan, inalerto ni Gov. Jonvic Remulla ang tanggapan ng kalusugan at mga pamahalaang lokal na paigtingin ang kampanya kontra sa nakamamatay na sakit.

Sa tala ng Provincial Epidemiology and Surveillance Unit ng PHO, mas mataas na bilang ng mga tinamaan ng dengue sa lalawigan ngayong taon kung ikukumpara noong 2009 kung saan umabot na sa 792 ang *reported dengue cases* mula Enero hanggang Setyembre 13, 2010. Nagtala ito ng 154% na pagtaas kumpara sa parehong buwan noong 2009 o karagdagang 312 na kaso. Karamihan sa mga ito ay naitala sa bayan ng Dasmariñas na may 209 kaso at sinundan ng mga bayan ng Silang, Bacoor, Gen. Trias at Tagaytay City.



Kaugnay nito, agad namang umaksyon ang PHO at mga pamahalaang lokal partikular ang mga apektadong bayan upang puksain ang pinagmumulan ng nakamamatay na sakit at pigilin ang patuloy na pagdami ng kaso. Nagsagawa sila ng mga pulong at *workshop* upang mapabilis ang pagpapakalat ng kaalaman ukol sa pag-iwas sa dengue. Hinikayat din ang iba't ibang organisasyon kasama na ang mga pulitiko, mga lider ng komunidad at simbahan, *district supervisors*, punung-guro ng mga paaralan, guro, *nurses* ng iba't ibang organisasyon, *sanitary inspectors*, UNTV Media, NGO's, *side walk* at *fruit vendors*, mga magulang at mga kasambahay upang lumahok sa naturang proyekto. Maging sa mga paaralan, isinasama sa pulong ng mga guro at mga magulang ang pagbibigay impormasyon ukol sa paglaban sa dengue.

Nagpakalat ng iba't ibang *information materials* ang mga pamahalaang lokal sa mga komunidad upang bigyang babala ang lahat sa peligrong dulot ng dengue at mga tamang pamamaraan kung paano ito maiiwasan. Sa lungsod ng Dasmarinas, naglunsad ng Barangay Dengue Brigade upang manguna sa mga gawaing kontra-dengue sa mga barangay

Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos, inaasahang mabilis at epektibong masusugpo ang pagkalat ng dengue at matitiyak ang kaligtasan ng mga Kabitenyo.

(Gina Pereña)

(kuha ni: **Victor Bibit**)



*Namahagi sina Gov. Jonvic Remulla (nasa gitna) at Provincial Agriculturist Lorena Cron (kaliwa), sa pakikipagtulungan ng Bureau of Soils and Water Management (BSWM), Department of Agriculture Regional Field Unit IV-A (DA-RFU IV-A) at iba pang lokal na ahensya ng pamahalaan ng mga shredders at compost tea brewers sa labingwalong munisipalidad at iba pang organisasyon sa lalawigan upang isulong ang programang Organic Fertilizer Production sa Cavite. Ang naturang proyekto ay alinsunod sa Executive Order 481 na kilala rin bilang batas ukol sa "Promotional and Development of Organic Agriculture in the Philippines". Naniniwala ang pamunuan ng pamahalaang panlalawigan sa tamang paggamit ng organic fertilizers bilang isang paraan upang mabawasan ang ground water pollution, mapanatili ang katabaan ng lupa, mabawasan ang farm production cost lalo na sa paggamit ng patabang may halong kemikal at maisulong ang organic-based agriculture sa buong lalawigan.*

# Pitong Distrito ng CAVITE tungo sa mas Epektibong Paglilingkod

Dahil sa patuloy na paglaki ng populasyon ng lalawigan, patuloy din sa pagdami ang mga pangangailangan ng mamamayan na dapat tugunan ng pamahalaang lokal at nasyunal. Katunayan sa pinakahuling *census* ng populasyon ng National Statistics Office noong 2007, umabot na sa 2,856,765 ang populasyon ng lalawigan na may *annual growth rate* na 4.59%.

Sa kabila nito, ang Cavite ay nahahati lamang sa tatlong distrito na kinakatawan sa Sangguniang Panlalawigan maging sa Kongreso na indikasyon ng kakulangan sa representasyon ng mamamayan sa buong lalawigan.

Isinasaad sa Saligang Batas na ang bawat distrito ay bubuuin ng magkakalapit na teritoryo. Gayundin, ang isang lungsod o lalawigan na may kabuuang populasyong 250,000 ay dapat magkaroon ng isang kinatawan sa kongreso. Dagdag pa rito, sa loob ng tatlong taon matapos ang *census* ng populasyon, ang kongreso ay magsasagawa ng panibagong balangkas ng mga distrito ayon sa batayang nabanggit.

Ang mga nabanggit na argumento ang naging basehan sa paghahain sa Kongreso ni Cong. Joseph Emilio Abaya kasama sina Cong. Elpidio Barzaga at Cong. Jesus Crispin Remulla ng House Bill No. 4254 o *An Act Reapportioning the Province of Cavite into Seven (7) Legislative Districts*. Layunin ng panukalang ito na mahati sa pitong distrito ang lalawigan mula sa orihinal na tatlong distrito sa sumusunod na balangkas:

a. Unang Distrito – Kawit, Noveleta, Rosario at Cavite City
b. Ikalawang Distrito – Bacoor
c. Ikatlong Distrito – Imus
d. Ikaapat na Distrito – Dasmariñas
e. Ikalimang Distrito – Carmona, Gen. Mariano Alvarez at Silang
f. Ikaanim na Distrito – Gen. Trias, Tanza, Amadeo at Trece Martires City
g. Ikapitong Distrito – Alfonso, Gen. Aguinaldo, Indang, Magallanes, Maragondon, Mendez, Naic, Ternate at Tagaytay City

Matapos maipasa sa Kongreso, sinuportahan ang panukala ng isa ring Kabitenyo – si Sen. Panfilo Lacson at inihain sa Senado bilang Senate Bill No. 2428. Matapos pag-aralan at timbangin ang mga argumento, ipinasa ang panukala noong huling bahagi ng 2009 kaya't sa kasalukuyan, ang Cavite ay mayroon nang pitong distrito. At nito ngang nakalipas na halalan, pormal na nailuklok sa pwesto ang mga bagong Kongresista at Board Member na kumakatawan sa pitong Distritong nabanggit.

Sino nga ba ang mga Bokal ng ating mga bagong distrito? Kilalanin natin sila sa ating espesyal na artikulo bilang pagpupugay sa ating mahuhusay na miyembro ng Sangguniang Panlalawigan…

( ni Evelyn Reyes)



## HON. DINO CARLO REYES CHUA

### Unang Distrito ng Cavite

Kabataan, karunungan, kabuhayan, kalusugan at kaunlaran – ito ang 5 Ks na nais tutukan ni Bokal Dino Carlo Reyes Chua, ang bagong halal na Board Member mula sa Unang Distrito sa kanyang panunungkulan. Maigting ang kanyang paniniwala na kapag pinag-tuunan ng pansin ang mga batayang aspetong ito, maiaangat ang antas ng ekonomiya ng Cavite na siyang magbibigay daan sa pag-unlad ng bawat mamamayang Kabitenyo lalo na sa kanyang nasasakupan.

Nagmula sa angkan ng mga pulitiko, si Bokal Chua ang pinakabatang naging konsehal noong 2004 at kalaunan ay Bise Alkalde ng lungsod ng Cavite sa edad na 23. Nitong nakaraang eleksyon, nakuha niya ang pinakamataas na boto sa pagka – Provincial Board Member sa unang distrito ng Cavite at ngayon ay itinuturing na pinakabatang nahalal na bokal ng Sangguniang Panlalawigan sa gulang na 29.

Bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, pinamumunuan niya ang Committee on Rules and Good Governance at Committee on Public Works and Infrastructure. Masusi niyang pinag-aaralan ang mga batas na may kinalaman sa mabuting pamamahala at ang tamang proseso ng pagtatayo ng mga istrukturang higit na pakikinabangan ng mamamayang Kabitenyo. Siya rin ang tumatayong Vice Chairman ng Committee on Tourism, Arts, Culture and Public Information, Committee On Land Use, Zoning, Urban and Rural Development at Committee on Barangay Affairs. Aktibong miyembro rin sya ng Committee on Finance, Budget, and Appropriations at Committee on Sports and Youth Development. Isang patunay ng kanyang dedikasyon na makatulong sa paglinang ng kakayahan ng kabataan sa larangan ng palakasan, siya ang nagtatag ng partido ni People's Champ Manny Pacquiao, ang PBA Party-List.

Mataas ang pagpapahalaga ni BM Chua sa edukasyon na pinatutunayan ng kanyang patuloy na pagtuklas ng kaalaman. Nang magtapos siya ng Bachelor of Science in Business Administration sa De La Salle University sa Maynila, nag-aral naman sya ng Executive Management Program sa Stanford University, California, USA. Nagtapos din sya ng Master's Degree in Business Administration sa International Academy of Management sa lungsod ng Makati. Sa kasalukuyan ay nasa ikalawang taon na siya ng pag-aaral ng Bachelor of Laws sa San Beda College of Law.

(ni Amy Cabrera)



## HON. RYAN REYES ENRIQUEZ

### Unang Distrito ng Cavite

Sa kabila ng tagumpay sa larangan ng pagnenegosyo, pinili ng batang Bokal na na BM Ryan Enriquez ang tawag ng paglilingkod sa bayan bilang kinatawan ng unang distrito ng Cavite na binubuo ng mga bayan ng Rosario, Noveleta, Kawit at Cavite City. Masasabing ang kanyang ama at dati ring board member na si Dr. Restituto Enriquez ang naging malaking impluwensya upang pasukin rin niya ang pulitika. Nais niyang ipagpatuloy ang mga adhikaing nasimulan nito at tulad ng ama, walang hinahangad si BM Ryan kundi maibahagi ang kanyang galing sa paglilingkod ng tapat sa mga Kabitenyo.

Nagmula sa isang prominenteng pamilya sa Cavite City si BM Ryan. Pinagtuunan niya ng pansin ang kanyang edukasyon at nagtapos ng kursong Business Management and Entrepreneurship sa San Beda College-Manila, ng Masters in Business Administration sa De La Salle University-Taft at ng Masters in Public Administration sa University of Sto. Tomas.

Liban sa pagiging isang mabuting asawa sa kanyang maybahay na si Maylyn Villalon at ama sa kanilang dalawang anak na sina Raphael at Richmond, isa rin siyang matagumpay na negosyante. Ilan sa mga negosyong kanyang itinatag at pinamamahalaan ang Shotgun Productions and Entertainment Inc., Pixels Works Enterprise, King Media Trading at RME Janitorial Services Inc.. Siya rin ang Chief Operating Officer ng R.S. Enriquez Realty and Development.

Sa mga hindi nakakaalam, masugid na tagatangkilik ng sining si BM Enriquez lalo na ng musika. Sa katunayan, siya ang lumikha ng awiting "Caviteño Ako, Caviteño Tayo" na nagsisilbi ngayong *theme song* ng lalawigan. Isa pang awiting ginawa niya ay ang "Patawad" na ginamit sa isang *music video* ng madugong *hostage taking* kamakailan sa Quirino Grandstand sa Maynila at napapanood sa YouTube.

Sa kasalukuyan, sa kanyang unang termino bilang *board member*, pinamumunuan ni BM Ryan ang Committee on Tourism, Arts, Culture and Public Information at ang Committee on Cooperatives and Rural Development. Siya rin ang Vice Chairman ng Committee on Rules and Good Government, Committee on Transportation and Communications at Committee on Health, Nutrition and Population.

(ni Janice del Mundo)



## HON. EDWIN ESTEBAN MALVAR

### Ikalawang Distrito ng Cavite

Tapat na lingkod ng bayan….ganito ang imahe ni Board Member Edwin Malvar, kinatawan ng Ikalawang Distrito para sa kanyang mga kababayan sa Bacoor. Mula sa payak at pribadong buhay kung saan katuwang nya sa pagtataguyod ng kanilang kabuhayan at paggabay sa kanilang tatlong anak ang maybahay na si Cynthia, tinawag sya sa paglilingkod-bayan dahil sa kanyang likas na kabutihang-loob at husay sa pakikisalamuha sa kapwa.

Taong 1992 nang magsimula siyang pasukin ang larangan ng pulitika bilang konsehal ng bayan. Nahalal naman siyang Bise-Alkalde noong 1998 kung saan natapos niya ang tatlong termino ng walang kapagurang paglilingkod sa kanyang mga kababayan. Natapos man ang kanyang termino sa pamahalaang lokal ng Bacoor, nagpatuloy siya sa pagiging isang aktibong mamamayan na masigasig na nakikibahagi sa usaping pampamayan. Matapos maipasa ang batas na nagtatalaga sa Bacoor bilang isang *lone district*, tumakbo siya at nanalong Bokal ng Ikalawang Distrito ng Cavite.

Bilang kinatawan ng ikalawang distrito sa Sangguniang Panlalawigan, pinamumunuan niya ang Committee on Land Use, Zoning, Urban and Rural Development kung saan masusi niyang pinag-aaralan at nirerebisa ang mga patakarang may kinalaman sa tamang paggamit ng mga lupaing sakop ng lalawigan. Maliban dito, miyembro rin siya ng iba't-ibang komite gaya ng Committee on Agriculture and Agrarian Reform, Committee on Public Works and Infrastructure at Committee on Personnel Affairs and Appointments.

(ni Janice del Mundo)



## HON. ROLANDO "ANDOY" SAPANGHILA REMULLA

### Ikalawang Distrito ng Cavite

Inhinyero ng bayan…. Kaibigan ng mamamayan….Ito ang ating bagong Board Member Rolando Remulla na mas kilala sa tawag na BM Andoy. Sa tuwina, mababakas sa kanya ang dedikasyon sa trabaho subalit sa kabila nito, laging may nakahandang ngiti ang masipag na bokal sa lahat ng kanyang kakilala at kaibigan. Likas siyang mabait at palakaibigan kaya't hindi nakapagtatakang kinagigiliwan siya ng kanyang mga kababayan at kasama sa pamahalaan.

Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science in Civil Engineering sa Far Eastern University taong 1988 at agad na sinubukan ang kanyang kapalaran bilang inhinyero. Naglingkod siya sa Philippine National Construction Corporation bilang Cost Engineer at Area Field Engineer kung saan naipakita ang angking galing sa napiling larangan. Naitatag at napalago rin niya ang iba't ibang negosyo kabilang ang sikat na Circle Island Resort sa bayan ng Bacoor

at marami pang iba dahil sa kanyang pagsisikap.

Subalit sa paglipas ng panahon, hinila sya ng kapalaran sa paglilingkod-bayan at sa kabila ng kaabalahan sa negosyo, pinili niya ang magsilbi sa mga kababayan. Siya ay tumakbo at nanalong konsehal ng Bacoor noong 2007 at matapos ang isang termino, siya ay pinalad na mahalal bilang Board Member ng ikalawang distrito ng Cavite noong nakaraang halalan.

Sa kasalukuyan, siya ang Chairman ng Committee on Personnel Affairs and Appointment at tumatayo rin siyang miyembro ng Personnel Selection Board kung saan dumadaan sa kanyang masusing pag-aaral ang mga usapin at programang may kinalaman sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan. Bukod dito, Vice Chairman din siya ng Committee on Finance, Budget and Appropriation at Committee on Public Works and Infrastructure. Aktibong miyembro din si BM Andoy ng Committee on Cooperatives and Rural Development; Committee on Transportation and Communications; Committee on Health, Nutrition and Population, Committee on Land Use, Zoning, Urban and Rural Develoment; Committee on Education; at Committee on Industrial Peace and Labor and Employment.

Sa paglawak ang kanyang responsibilidad at pagdami ng mga taong umaasa sa kanyang kakayahan, mas lumalim ang pagtingin ni BM Andoy sa kahulugan ng buhay. Para sa kanya, ang pagsisilbi sa buong lalawigan ay sapat na upang maging mayaman di lamang sa pinansyal na aspeto subalit maging sa mga mamamayan na kanyang natutulungan.

*(ni Gina Pereña)*

## HON. RODRIGO P. ARGUELLES, SR.

### Ikatlong Distrito ng Cavite



Kapitan Digo. Ito ang taguri kay Board Member Rodrigo Arguelles ng kanyang mga kababayan. Subalit ngayon, ang dating masipag na kapitan ay isa ng pinagpipitagang bokal para sa ikatlong Distrito – ang *lone district* ng Imus.

Taong 1988 ng magsimula sa pulitika si BM Digo. Naging kapitan siya ng Anabu, isang barangay sa Imus noong 1988 hanggang taong 2001. Sa mahabang panahon ng kanyang pagsisilbi bilang kapitan, kinilala ang kanyang husay at nahirang siyang ABC president taong 1997-2001. Matapos ang makulay na paglilingkod niya bilang kapitan, nanalo siyang konsehal taong 2001 at nagsilbi hanggang 2010. Sa tatlong termino ng kanyang panunungkulan, nag-akda siya ng mahahalagang ordinansa kabilang ang ordinansa na nagtatakda ng Municipal Public Employment Services Office ng Imus sa ilalim ng Office of the Mayor; ang Market Code ng Imus; at ang ordinansang nagtatatag ng Municipal Public Information Office sa ilalim ng Office of the Mayor at ang kaukulang pondo para dito.

Sa kasalukuyan, bilang kinatawan ng Ikatlong Distrito sa Sangguniang Panlalawigan, siya ang Chairman ng Committee on Peace, Public Safety and Order . Bilang tagapangulo ng naturang komite, nakaatang sa kanyang balikat ang pagsubaybay sa gawain at serbisyong ibinibigay ng kapulisan kaugnay sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng lalawigan, ang pag-aaral sa parusang ipapataw sa mga krimen, pakikipag-ugnayan niya sa ibat ibang sangay ng militar at kapulisan at mga ahensya ng pamahalaang nasyunal. Hawak din niya ang kapangyarihan na siyasatin ang mga bagay na may kinalaman sa pang-aabuso sa karapatang pantao. Si BM Digo rin ang magsisiyasat at susubaybay sa pagtaas at pagbaba ng kriminalidad sa lalawigan, kawalan ng batas na umiiral dito, ang isyu ukol sa rebelyon at ang lahat ng iregularidad o ilegal na gawain na nakahahadlang sa pagpapanatili ng katahimikan sa lalawigan. Ang naturang komite rin ang nagtatakda ng Sgt. at Arms na magpapanatili ng katahimikan sa loob ng Session Hall sa tuwing may pulong sa Sangguniang Panlalawigan.

*(ni Gina Pereña)*

## HON. LARRY BOY SAYAS NATO

### Ikatlong Distrito ng Cavite



Isa sa mga nakakabatang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, si Board Member Larry Boy Nato ay maagang namulat sa larangan ng serbisyo-publiko kung saan una siyang nahalal bilang konsehal ng Imus noong 2004 sa paggabay ng kanyang ama na dati ring konsehal ng bayan. Dala ng pagiging likas na palakaibigan at mapagbigay na lider, sa kanyang ikalawang termino noong 2007 ay nakuha nya ang pinakamaraming boto na patunay ng mataas na pagtitiwala ng kanyang mga kababayan sa kanyang husay bilang lingkod-bayan.

Nag-iwan ng tatak ang batang konsehal sa kanyang bayan sa kanyang mahalagang akda, ang Comprehensive Traffic Code of Imus na siyang naging basehan ng iba pang bayan at lungsod sa Cavite gaya ng Trece Martires City, Kawit at Noveleta sa pagbuo na kani-kanilang ordinansa kaugnay sa pangangasiwa ng trapiko. Ang kanyang kahusayan ang nagbukas ng bagong pinto sa larangan ng pulitika nang pormal na maging isang *lone district* ang Imus kung saan siya ang isa sa kasalukuyang Bokal.

Bilang bagong halal na bokal, siya ay nahirang na Tagapangulo ng Committee on Health, Nutrition and Population na responsable sa pagtutok sa kalagayang pangkalusugan sa buong lalawigan, serbisyong ipinagkakaloob ng *provincial* at *satellite hospitals*, *barangay health units*, operasyon ng mga botika at lahat ng may kaugnayan sa kalusugan, nutrisyon at populasyon. Bukod dito, tumatayong Vice Chairman din si BM Nato ng Committee on Peace, Public Safety and Order at aktibong miyembro ng Committee on Finance, Budget and Appropriation; Committee on Cooperatives and Rural Development; Committee on Public Works and Infrastructure; Committee on Land Use, Zoning and Urban Development at Committee on Ways and Means.

*(ni Rebecca Patricio)*

## HON. RAUL REX DEL ROSARIO MANGUBAT

### Ika-apat na Distrito ng Cavite



Itinuturing na malaking impluwensiya at inspirasyon sa pagpasok sa pulitika ni Board Member Raul Rex Mangubat mula sa *lone district* ng Dasmariñas, ang kanyang lolo at dating Gobernador ng Cavite na si Gov. Dominador Ilano Mangubat. Dito nag-ugat ang kanyang hangaring maglingkod sa kanyang mga kababayan at maging daan sa pag-unlad ng bayan.

Taong 2004 hanggang 2010, naglingkod siya sa Dasmarinas bilang miyembro ng Sangguniang Bayan. Sa loob ng anim na taong panunungkulan aktibo niyang pinamunuan ang iba't-ibang komite kabilang ang Committee on Education, Committee on Social Welfare, Committee on Ways and Means, Committee on Games and Amusements at Committee on Rules and Privileges. Sa panahon ng kanyang panunungkulan, nahirang siya bilang Secretary General ng Cavite Councilors League at Board of Director ng Philippine Councilors League – Region IVA. Isa rin si BM Mangubat sa *Local Legislative Awardee* noong 2006 na iginawad ng Department of Interior and Local Government, isang pagkilala sa kanyang kahusayan bilang isang lingkod-bayan.

Sa kasalukuyan, sa kanyang unang termino bilang kinatawan ng ika-apat na distrito sa Sangguniang Panlalawigan ng Cavite, pinamumunuan niya ang Committee on Finance, Budget and Appropriations na nangunguna sa pagsuri ng pananalapi ng iba't-ibang bayan at lungsod sa lalawigan, gayundin sa pag-aaral at pagpapasa ng *supplemental budget* ng mga munisipyo at ng lalawigan. Kinatawan din siya ng Sangguniang Panlalawigan ng Cavite sa Philippine Board Members League.

*(ni Janice Del Mundo)*

## HON. TEOFILO BANDA LARA

### Ika-apat na Distrito ng Cavite



"Public service above self" – ito ang plataporma ni Board Member Teofilo Lara. Para sa kanya, ang pagsisilbi sa kapwa ang pangunahin at nararapat na maging dahilan upang ang isang tao ay magpasyang maging isang lingkod-bayan. Upang mas epektibong mapaglingkuran ang kanyang nasasakupan, kailangang isantabi ang mga pansariling hangarin at kapakinabangan.

Sa pagiging kapitan ng barangay nagsimula ang karera sa pulitika ni BM Lara kung saan nahalal siyang Barangay Chairman ng San Andres II sa bayan ng Dasmarinas noong 1991. Sa kanyang pagnanais na higit na mapaglingkuran ang nakararaming Dasmarineño, kumandidato siya at pinalad na manalo bilang konsehal noong 1995 hangang 2004. kung saan pinatunayan niya ang kanyang husay at dedikasyon sa paglilingkod. Dahil sa kanyang karanasan sa serbisyo publiko, muli siyang iniluklok ng kanyang mga kababayan noong 2007 bilang konsehal ng Dasmariñas na noon ay isa nang ganap na lungsod.

Ngayon, bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan ng Cavite, siya ang Chairman ng Committee on Elderly na nangangasiwa sa mga usaping may kaugnayan sa ating mga *senior citizen* sa lalawigan. Bilang pangulo ng komite, masugid niyang isinusulong at sinusuportahan ang mga proyekto at programa para sa mga matatanda sa lalawigan. Pinamumunuan rin niya ang Committee on Industrial Peace, Labor and Employment na nakatuon sa pagpapanatili ng magandang ugnayan sa pagitan ng mga mamumuhunan at manggagawa sa mga *ecozones* at *industrial estates* sa lalawigan, gayundin sa mga usaping may kaugnayan sa paggawa at ang pagsusulong ng mga programang magpapataas ng bilang ng hanapbuhay. Aktibo rin siya sa pakikilahok sa iba't-ibang komite tulad ng Committee on Barangay Affairs, Committee on Ways and Means at Committee on Finance, Budget and Appropriations.

(ni Janice del Mundo)

## HON. MARCOS C. AMUTAN

### Ikalimang Distrito ng Cavite



Ipinanganak noong bisperas ng kapaskuhan taong 1965 sa lungsod ng Tagaytay, lumaki at nagkaisip si Board Member Marcos Amutan sa bayan ng Silang. Sa edad na dalawampu, nagsimula ang kanyang paglilingkod-bayan bilang Kabataang Barangay Chairman ng Lalaan 1st kung saan pinamunuan niya ng buong husay ang sektor ng kabataan mula 1985 hanggang 1990.

Hindi naglaon, ang dating lider ng mga kabataan ay pinagkatiwalaang maging kagawad ng kanilang barangay noong 1994. Ang kanyang karanasan bilang miyembro ng sangguniang barangay ang nagbigay naman sa kanya ng kahandaan para sa panibagong hamon sa panunungkulan – bilang punong barangay ng Lalaan 1st kung saan sya nahalal noong 1997.

Patuloy ang tawag ng paglilingkod kay Chairman Amutan, kung kaya't noong 2001 *national election*, siya'y sumabak at nagtagumpay na mapabilang sa Sangguniang Bayan ng Silang. Dahil sa kanyang kakayahan, patuloy siyang sinuportahan at pinagkatiwalaan ng mga Silangeño na naging daan upang matapos siya ang tatlong terminong panunungkulan.

Nang mapabilang sa ikalimang distrito ang bayan ng Silang, isa si BM Amutan sa isinulong ng mga kababayan upang maging kinatawan ng kanilang distrito sa Sangguniang Panlalawigan kung saan siya ang nanguna sa anim na magkakatunggali. Sa

**sundan sa pahina 8**

mula sa pahina 7

kasalukuyan, siya ang Chairman ng Committee on Education na nakikipag-ugnayan sa DepEd, mga Parents and Teachers Association (PTA) at *school authoriries* sa lalawigan upang magkakatuwang na bumuo ng mga programa at polisiyang magpapataas sa antas ng edukasyon at paglutas ng mga suliraning pampaaralan. Siya rin ang tumatayong Vice Chairman ng Committee on Elderly at miyembro ng iba pang mga komite sa Sangguniang Panlalawigan.

Nagtapos ng BSBA Management, si Kgg. Marcos C. Amutan ay ikinasal kay Emily U. Amutan.

*(ni Paul Mark M. Feranil)*

## HON. ARISTIDES JOSE VIRGILIO DE ASIS VELAZCO

Ikalimang Distrito ng Cavite



Mula sa prominenteng pamilya sa bayan ng Silang, namulat sa larangan ng pulitika si Board Member Ari Velazco mula sa kanyang yumaong ama na isa ring kilalang *public servant* at nagsilbi sa iba't ibang posisyon sa pamahalaang lokal ng Silang at sa lalawigan ng Cavite. Nagsimula si BM Ari bilang Konsehal ng Bayan noong taong 2007 kung saan tumayo siyang Chairman ng Market and Slaughter House Committee.

Pinalaking may takot sa Diyos at may pagpapahalaga sa pakikipagkapwa-tao, hindi siya nasangkot sa anumang kontrobersiya sa kanilang bayan sa panahon ng kanyang panunungkulan. Bagamat kilala na may-kaya ang pinagmulang pamilya, binigyang-importansya niya ang edukasyon. Nagtapos siya ng Kursong Bachelor of Arts major in Human Resource Management sa De La Salle – College of Saint Benilde. Patunay rin sa kanyang pagsisikap ang mga naipundar niyang negosyo bago pa man niya pasukin ang paglilingkod-bayan.

Bilang bagong halal na Board Member ng ikalimang distrito, ang kanyang karanasan bilang miyembro ng Sangguniang Bayan ng Silang at ang mga iniwang payo at pangaral ng kanyang ama ang nagsisilbing gabay tungo sa epektibo, mabilis at matapat na pagtugon sa pangangailangan ng distritong kanyang nasasakupan.

Miyembro siya ng Committee on Ways and Means, na nagsasagawa ng mga pagsisiyasat at pag-aaral sa mga posibleng pagkuhanan o pagmulan ng kita at buwis para sa mas matibay na pundasyong pinansyal ng probinsya. Gayundin, tumatayo siyang Vice-chairman ng Committee on Industrial Peace and Labor and Employment, na may layong mapanatili ang kaayusan sa ating *industrial estates* at *ecozones*.

(ni Rochelle Dones)

## HON. ALBERT GARCES AMBAGAN, JR.

Ika-anim na Distrito ng Cavite



Masasabing nasa dugo na ni BM Albert Ambagan, Jr. ang paglilingkod mula noon hanggang ngayon. Sa kanyang murang edad nagsilbi siyang SK Federation President sa bayan ng Amadeo. Naging pinakabatang Alkalde rin siya ng nasabing bayan sa loob ng tatlong termino mula 2001 hanggang 2010, isang posisyon na nauna ng hinawakan ng kanyang lolo at ama.

Malaki ang naging kontribusyon niya sa kanyang bayan tulad ng mga bago at modernong imprastraktura na nakatulong sa pag-unlad ng Amadeo. Naglunsad din sya ng mga programang pangkabuhayan para sa kanyang mga kababayan. Sa panahon ng kanyang pamamahala, nabigyang buhay muli ang matamlay na industriya ng kape na pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mamamayan. Nakilala ang bayan ng Amadeo sa larangan ng turismo nang ilunsad ang Pahimis Coffee Festival, na naging daan upang maging huwarang munisipalidad ang Amadeo sa rehabilitasyon ng industriya ng kape sa Pilipinas.

Sa kanyang mga nagawa, tunay na minahal ng husto ng kanyang mga kababayan si BM OJ Ambagan kung kaya't nabigyan siya ng pagkakataon na maluklok bilang Board Member ng ika-anim na distrito ng lalawigan ng Cavite. Pinamumunuan ni BM OJ ang Committee on Transportation and Communication na nagbibigay ng mga tamang kautusan at patakaran tungo sa ikagagaling ng transportasyon at komunikasyon dito sa lalawigan ng Cavite. Miyembro rin sya ng iba't-ibang komite tulad ng Committee on Agriculture and Agrarian Reforms at Committee on Tourism, Arts, Culture and Public Information.

*(ni Adelaida Llacer)*

## HERMOGENES "GEN GEN" CRUZ ARAYATA

Ika-anim na Distrito ng Cavite



Mula sa angkan ng mga pulitiko sa bayan ng Tamza si Board Member Hermogenes Arayata o BM Gen Gen sa mga kaibigan at kakilala. Masasabing isa si BM Gen Gen sa may pinakamahabang karanasan at batikang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, sa loob ng tatlong termino na nagsimula taong 1998 hanggang 2007. Sa siyam na taon niyang panunungkulan bilang Board Member ng dati'y ikalawang distrito, tumayo siyang Majority Floor Leader kung saan aktibo niyang pinangunahan ang preparasyon at pag-apruba sa mga usapin sa bawat pagpupulong, gayundin ang pagbibigay-mungkahi ng aksiyon hinggil sa mga resolusyon at ordinansang tinatalakay sa bawat sesyon.

Kabilang si BM Gen Gen sa nagpanukala ng 2004 Revised Revenue Code of the Province, tungo sa mas epektibong sistema ng pagbubuwis sa Cavite. Isa rin siya sa nag-akda ng ordinansang susugpo sa gawain ng mga *illegal settlers* sa lalawigan, kasama na rin ang ordinansang nagtatakda ng mga pamantayang pangkaligtasan sa mga gasolinahan at kaukulang parusa sa paglabag dito. Bukod sa pagiging mahusay na lingkod-bayan, kilala rin siya bilang isang masipag na negosyante. Hindi siya mahirap lapitan at hingan ng anumang klaseng tulong.

Sa kanyang pagbabalik bilang Board Member ng ngayon ay ika-anim na distrito, kasalukuyan siyang miyembro ng Committee on Agriculture and Agrarian Reforms, at Committee on Ways and Means. Anumang komite ang kabilangan niya, hindi niya binibigo ang kanyang mga kasamahan at patuloy siyang sumusuporta dito, lalo't para sa ikabubuti ng mamamayan at ikauunlad ng lalawigan.

*(ni Rochelle Dones)*

## HON. IRENE DE PADUA BENCITO

Ikapitong Distrito ng Cavite



"The only rose among the thorns", dito marahil maihahalintulad si Board Member Irene de Padua Bencito, bilang nag-iisang babaeng nahalal na bokal sa Sangguniang Panlalawigan. Larawan siya ng isang mahusay na lingkod-bayan at inspirasyon para sa mga kababaihan.

Angat sa karaniwan si BM Irene dahil bukod sa pagiging isang *lady achiever*, may taglay din siyang talento sa sining na kinahiligan na nya mula pa sa kanyang kabataan. Ilan sa mga ito ang pagpipinta, *calligraphy*, sayaw, musika, pagtugtog ng mga instrumento at marami pang iba. Bihasa rin siya sa pagsusulat ng mga artikulo, tula man o sanaysay, gayundin sa pagsasagawa ng mga *training* at *seminar*.

Nagtapos ng kursong Bachelor of Arts in Mass Communication sa Far Eastern University sa Maynila, si BM Irene ay sanay rin sa pagharap sa lahat ng uri ng tao sa lipunan at pagsasalita sa mga programa o pagtitipon. Patunay dito ang iba't ibang posisyon, trabaho at organisasyong hinawakan niya bago siya mahalal na bokal ng lalawigan.

Mula sa bayan ng Gen. Emilio Aguinaldo si BM Irene. Dito rin umusbong ang hangarin niyang magsilbi sa bayan mula sa impluwensiya ng kanyang ama na isang retiradong sundalo at pinuno ng Municipal Agricultural & Fisheries Council at Bailen Agri-Business Group, Inc. sa nasabing bayan. Dito nahasa ang interes niyang makatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng kanyang mga kababayan partikular sa mga nag-aani ng kape. Dumalo siya sa una at ikalawang National Coffee Summit, isang pulong na tumatalakay sa pagpapaunlad at pagpapataas ng produksiyon ng kape sa buong Pilipinas.

Bagama't isang babae, pinatunayan niya na hindi hadlang ang kasarian pagdating sa serbisyo-publiko. Sa halip, ginamit niya itong instrumento upang lubos na maunawaan ang hinaing at kalagayan ng mga kababaihan. Dahil dito, hinirang siyang Chairman ng Committee on Women and Family and Social Services. Siya rin ang Vice Chairman ng Committee on Agriculture and Agrarian Reform, Committee on Cooperative, Committee on Education at ng Committee on Environment and Natural Resources. Kabahagi rin siya sa mga gawain na may kinalaman sa Committee on Elderly, Committee on Health, Nutrition and Communication at Committee on Tourism, Arts, and Special Events.

*(ni Amelia Cabrera)*

## HON. VIRGILIO TOLENTINO AMBION

Ikapitong Distrito ng Cavite



Simpatiko.... Malapit sa mga tao. Ganito mailalarawan si Board Member Virgilio Ambion ng ikapitong distrito. Likas syang matulungin at madaling lapitan lalo ng kanyang mga nasasakupan. Hindi rin masusukat ang dedikasyong kanyang ipinakikita sa larangan ng pagbibigay serbisyo sa mamamayang Kabitenyo.

Pumalaot sa pulitika si BM Ambion noong 1988 at nagsilbing konsehal sa lungsod ng Tagaytay hanggang 1998. Matapos ito, pinalad siyang manalo bilang bise alkalde ng naturang lungsod taong 1998 hanggang 2007. Matapos ang tatlong termino, nahalal naman siyang Board Member noong 2007 ng dating ikatlong distrito at naging aktibong miyembro ng Sangguniang Panlalawigan. Dito, mas kinakitaan siya ng pagmamalasakit sa mga Kabitenyo sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga proyekto at programang pangkaunlaran ng pamahalaang panlalawigan. Nang mahati sa pitong distrito ang Cavite, siya ang isa sa naging bokal ng ikapitong distrito ng lalawigan.

Sa kasalukuyan, siya ay Chairman ng Committee on Agriculture and Agrarian Reforms. Bilang pinuno ng naturang komite, responsibilidad niya ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa agrikultura, kabilang na ang paghahayupan, *agriculture experiment station*, *agricultural economics and research*, *livestock quarantine*, *soil survey and conservation*, *agricultural and educational extension services*, at *consumers and other cooperatives*. Kasama rin dito ang mga bagay na may kinalaman sa *agrarian reforms*, *landed estates*, *resettlement* at tulong suporta sa mga benipisyaryo ng programang ito.

Para kay BM Ambion, hindi sapat ang paghawak ng tungkulin tungo sa pagsusulong ng progreso at kapakanan ng mamamayan kundi ang sama-samang pagkilos tungo sa minimithing kaunlaran ng lalawigan.

*(ni Gina Pereña)*

## HON. JUAN MIGUEL C. ILANO

SK Provincial Federation President



Kahanga-hanga ang mga kabataan na sa murang edad ay ramdam na ang pangangailangan na makibahagi at makialam sa pangkalahatang kalagayan ng isang pamayanan. Isa sa mga kabataang ito si BM Juan Miguel Ilano, kasalukuyang pangulo ng Sangguniang Kabataan Provincial Federation, bukas ang isip at mulat ang kamalayan sa nangyayari sa kanyang kapaligiran.

Agad na nagsimula ang kanyang karera sa pulitika nang makapagtapos siya ng high school sa Blessed Mary Academy-Dasmariñas at mahalal na SK Chairman hanggang hiranging bilang SK Provincial Federation President. Hindi naman ito naging hadlang, bagkus ay naging inspirasyon sa kanyang pag-aaral ng kursong Bachelor of Science in Business Administration Major in Management sa De La Salle University-Dasmariñas.

Sa kasalukuyan, siya ang Chairman ng Committee on Sports and Youth Development, kung saan kaagapay niya ang Youth and Sports Development Office sa pagbuo ng mga programa at polisiya upang mapayabong ang kakayahan ng mga kabataan. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay sa mga kabataang lider ng kanilang organisasyon, pagpapalago ng mga proyekto at programang pangkabataan at pagsasagawa ng iba't ibang gawain na may kinalaman sa *sports*, naipamamalas niya ang kalinga sa susunod na henerasyong Kabitenyo.

Bukod sa kanyang responsibilidad bilang bokal, isa rin siyang aktibong miyembro at *volunteer* ng Cavite Youth and Sports Development Council (CYSDC) at ng Student Extension of Resources thru Voluntary Efforts (SERVE) ng DLSU-D. Ang kanyang mga pagsisikap ay umani na rin ng pagkilala tulad ng pagkahirang sa kanya bilang *DLSU-D's Special Student* mula sa College of Business Administration at *"Champion for Peace" Award* mula sa Universal Peace Federation.

Sa kanyang pagtatapos sa pag-aaral ng kolehiyo, inaasahang mas yayabong ang kanyang kaalaman di lamang sa pulitika subalit maging sa pakikisalamuha sa iba't ibang sektor ng lipunan. Inaasahan din na mas mapag-iibayo ng naturang karanasan ang kanyang pagharap sa panibagong yugto ng kanyang buhay.

*(ni Gina Pereña)*

## HON. CECILIA DINGLASAN MIRANDA

ABC Provincial Federation President



Isa si BM Cecil Miranda sa mga ipinagmamalaking anak ng Silang. Buhat sa isang simpleng pamilya, nabigyan ng pagkakataon na magkaroon ng magandang edukasyon. Kinakitaan ng angking talino kung kaya't sinikap ng kanyang mga magulang na siya ay mapagtapos ng pag-aaral at sa kanyang sipag at tiyaga, matagumpay siyang nakapagtapos ng Bachelor of Laws sa Far Eastern University.

Nagsimula si BM Miranda na mamasukan bilang Security Officer sa Luzon Detective and Protective Agency. Unti-unting umangat ang kanyang karera at naging *branch manager* ng Coco Realty Inc. Hindi naglaon, dinala siya ng kanyang kaalaman sa batas sa linyang akma para sa kanya at nagsilbi siyang *legal consultant* sa Sineneng, Bruno, Romero and Associates noong 1991 hanggang 1995 at sa Marquez Law and Associates noong 1995 hanggang 1997.

Sa kanyang pribadong kapasidad ay naroon na ang tawag ng paglilingkod. Hindi naglaon, dahil sa pagnanais na makapagsilbi sa mga kababayan, pinasok niya ang larangan ng pulitika at nahalal na punong barangay ng Brgy. Kaong sa bayan ng Silang noong July 15, 1997. Dahil sa taglay na kakayahan, hinirang siyang ABC Municipal Federation President ng Silang, isang posisyon na kanyang hinawakan mula 1997 hanggang sa kasalukuyan. Noong 2007, nakuha niya ang suporta ng kanyang mga kasama sa liga ng mga barangay at siya ang napiling maging ABC Provincial Federation President. Bilang pangulo ng liga ng mga barangay ng Cavite, abala siya sa mga proyekto at programang nauukol sa pagpapabuti ng kalagayan ng bawat barangay at maging ang pagpapataas ng antas ng pamamahala ng mga nanunungkulan.

Kasalukuyan siyang Tagapangulo ng Committee on Barangay Affairs na nangunguna sa pagtugon sa mga isyung pambarangay. Aktibo rin siyang nakikilahok sa Committee on Women and Family and Social Services at Committee on Sports and Youth Development bilang vice chairman. Bukod dito, bahagi rin siya ng iba pang komite gaya ng Committee on Peace, Public Safety and Order, Committee on Education at Committee on Cooperatives and Rural Development.

*(ni Janice del Mundo)*

## HON. MAURITO "MORIT" C. SISON

Board Member, President – Cavite Councilors League



Maaasahang Serbisyo. Ito ang handog ni Board Member Maurito Sison, ang bagong miyembro ng Sangguniang Panlalawigan bilang kinatawan ng lahat ng konsehal sa Cavite. Mas popular sa tawag na "Kuya Morit "para sa mga kabataan ng bayan ng Gen. Trias kung saan siya nagmula, malaki ang pagpapahalaga ni BM Morit sa edukasyon at mga programang pampalakasan para sa paglinang ng kakayahan ng bawat kabataan.

Maagang nag-umpisa sa larangan ng pulitika si BM Morit. Noong 1991, siya ay naging Pangulo ng dati ay Kabataang Barangay at aktibong kasapi ng mga iba't ibang *civic* at *religious organizations*, mga samahang pampalakasan, bago pasukin ang Sangguniang Bayan taong 2007 hanggang sa kasalukuyan.

Sa kanyang aktibong pagseserbisyo sa bayan, nagagampanan din niya nang buong husay ang pagiging ama sa tatlo niyang anak at nabibigyan ng sapat na oras ang butihing kabiyak na si Marilyn Barrientos.

Bilang bagong Bokal, si Bm Morit ang kasalukuyang Chairman ng Committee on Human Rights na nakatutok sa mga usapin, batas at ordinansang mangangalaga sa karapatang-pantao. Malalim din ang kanyang dedikasyon sa kanyang tungkulin sa bayan ng Gen. Trias bilang Tagapangulo ng Committee on Education, Culture and Tourism, gayundin ng Committee on Ways and Means. Ipinakita niya rin ito sa kanyang pagganap bilang Head Coach/Manager ng Gen. Trias Basketball Team at Chairman ng Municipal Sports Development Council Basketball, kung saan todo suporta si BM Morit sa mga kabataan pagdating sa larangan ng palakasan.

Isa siya sa mga lingkod-bayan na naniniwala na ang kakayahan ng bawat isa ay makakatulong sa pagpapanatili ng magandang imahe ng bayan. Handa siyang magbigay ng mga mungkahi't hakbang tungo sa pagpapatuloy ng magagandang adhikaing nasimulan ng kanyang mga kasama. Siya rin ang inaaasahang boses at sandigan ng mga konseho sa buong Cavite pagdating sa mga lehislasyon ng Sangguniang Panlalawigan. Sa kabila ng naabot na posisyon sa larangan ng pulitika, patuloy na humuhingi ng suporta si BM Morit sa mamamayan para sa katuparan ng magagandang plataporma pangkaunlaran.

*(ni Rochelle Dones)*

## 2010 GAWAD SAKA REGIONAL AWARDEES



Nakamit ng lalawigan ng Cavite ang apat na karangalan sa ginanap na Regional GAWAD SAKA AWARDING CEREMONY noong ika -29 ng Setyembre sa Quezon Convention Center sa Lucena City sa pangunguna ng Department of Agriculture-Regional Field Unit IV-A at Provincial Government of Quezon. Ang Gawad Saka ay isang prestihiyosong parangal na ipinagkakaloob sa natatanging magsasaka o grupo ng magsasaka at mangingisda bilang pagkilala sa kanilang makabuluhang kontribusyon sa paglago at kaunlaran ng sektor ng agrikultura.

Kabilang sa tumanggap ng parangal ang Café Amadeo Development Cooperative ng Amadeo para sa kategoryang Small Farmers Organization; Gen. Trias Dairy Raisers Multi- Purpose Cooperative ng Gen. Trias para sa Agri-Entrepreneur; Mission Bearer Christian Church 4-H Club ng Indang bilang Young Farmer Organization; at Mambog Bagsakan Center ng Bacoor para sa kategoryang Bagsakan Center.

(NILORENA R. CRON, PROVINCIAL AGRICULTURIST)

## CAVITE, NAKIISA SA PHILHEALTH NATIONAL REGISTRATION DAY

"Pamilya ay Ipasiguro, Para ang Kalusugan ay Sigurado." Ito ang tema ng bagong lunsad na programa ukol sa pagbibigay ng de-kalidad na serbisyong pangkalusugan sa mga Kabitenyo alinsunod sa panuntunan ng National Health Insurance Program (NHIP). Pinangunahan ito ni Gob. Jonvic Remulla at ng *task force* na pinamumunuan ni Dr. Godwyn Bernardo upang tumugon sa pangangailangang pangkalusugan ng mga Kabitenyo.

Kasabay nito, ginanap ang "National Day of Philhealth Enrollment" na inorganisa ng Department of Health sa pamamagitan ng CHD Region IV-A kaisa ang Pamahalaang Panlalawigan noong ika-2 ng Oktubre 2010 sa SM City Rosario at Robinson's Place Dasmariñas, kung saan ipinaliwanag sa publiko ang kagandahan at benepisyong dulot ng Philhealth.

Ayon sa tala ng Philhealth, may 210,000 pamilyang Kabitenyo na ang kasapi ng naturang programa, kung saan nasa 7,236 ang bilang ng mahihirap na pamilya ang naging miyembro sa tulong ng Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Dr. Bernardo.

Layon ng Gobernador na maging miyembro ng Philhealth ang karagdagang 9,000 mahihirap na pamilya sa Cavite na tinatayang gugugol ng halagang 2.9 milyong piso. Maliban sa mga lugar na pinagdausan ng Philhealth enrollment noong October 2, ang lahat ng panlalawigang pagamutan ay itatalaga bilang permanenteng NHIP *enrollment sites* na handang tumugon sa mga katanungan ukol sa programang ito upang mapabilis ang pagproseso ng *enrollment* at matiyak ang pangkalahatang saklaw ng programa sa lalawigan sa taong 2013. Inatasan ng Gobernador ang lahat ng *permanent enrollment sites* na maging bukas bente kwatro oras araw-araw upang tumulong sa lahat ng may katanungan ukol sa Philhealth.

Umabot sa 155 ang naproseso sa SM Rosario bilang individual paying members habang 101 naman sa Robinson's Dasma. May mahigit 200 pa ang kasalukuyang pinoproseso at mahigit 500 naman ang mga naipatalang indigent members.

Ang mga interesadong magparehistro ay pinapayuhang maghanda ng halagang 300 piso, bilang kontribusyon para sa unang tatlong buwan at magdala ng mga kailangang dokumento gaya ng *marriage contract* at *birth certificate* ng kanilang mga benepisyaryo.

*(ni Rochelle Dones)*

# Frontliners ng Lalawigan, Tapat na Nanunungkulan

Kahit gaano kahusay ang isang pinuno, kung wala siyang masasandalan na mga heneral sa panahon ng pakikipagbaka, madali din siyang magagapi ng kanyang kaaway. Sa lalawigan, kinakailangan ng mga mahuhusay na lingkod na hahalili o magsasanggalang sa Gobernador sa anumang hamon na kakaharapin ng kapitolyo ng lalawigan. Sapagkat ang kapitolyo ang siyang salamin ng uri ng pamumuno ng Gobernador, ang mga *generals* ng ating Gobernador ang repleksyon ng tapat na panunungkulan na siyang layunin ni Gob. Jonvic C. Remulla. Kilalanin natin sila.

### ATTY. ROSALINO T. SISMAET, JR.
Provincial Legal Officer



Hindi bago kay Atty. Rosalino Sismaet ang iniatang na tungkulin bilang bagong Provincial Legal Officer sapagkat napatunayan na ang katapatan at husay niya bilang City Legal Officer ng lungsod ng Cavite. Isa rin siya sa iilang Administrator na nakapaglingkod sa ilalim ng pamunuan ng dalawang magkaibang alkalde kaya naman tunay na ipinagmamalaki siya ng Cavite City kung saan siya isinilang, nakapag-aral at ginugulan ng kanyang kabataan.

Maliban sa natapos na kursong Bachelor of Science in Psychology sa University of Sto. Tomas, ipinagpatuloy niya pag-aaral ng Bachelor of Liberal Laws sa University of the East hanggang maging isang ganap na abugado. Gaya ng maraming nagsisipagtapos at nakapagkamit ng lisensya sa pagka-abugado, nagtayo ng Law Office sa Cavite City at kalaunan nga ay nahirang na City Legal Officer.

Kaagapay ang kanyang butihing kabiyak na si Seditha Monreal, nakapagpundar pa sila ng ibang negosyo. Nabiyayaan sila ng dalawang anak at ngayon ay naninirahan sa bayan ng Imus.

Sa kasalukuyan, si Atty. Sismaet ang sandigan ng LGUs pagdating sa mga serbisyong legal. Lagi siyang handa sa lahat ng lumalapit sa kanyang tanggapan para sa anumang tulong na maari nilang maipagkaloob. Sapagkat pinalaki na may takot sa Diyos, kailanman hindi yaman o mga materyal na bagay ang nangibabaw sa kanya kundi ang paglilingkod ng tapat at mahusay, at nanatiling nakayapak ang mga paa sa lupa.

(ni Rochelle Dones)

### CAMILLE DEL ROSARIO
Administrator, CAVITE COMPUTER CENTER



Mataas ang pagpapahalaga sa edukasyon, may maipagmamalaking karunungan at kakayahan pagdating sa larangan ng Information Technology ang kasalukuyang tagapamahala ng Cavite Computer Center – si Camille del Rosario. Mula sa prominenteng pamilya sa bayan ng Tanza at anak ng dating Bokal Raymundo "Munding" del Rosario, nagpamalas siya ng husay sa mga posisyong kanyang hinawakan sa iba't ibang kumpanya hindi lamang sa Pilipinas kundi sa ibayong-dagat.

Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science Major in Information Technology sa University of Asia and the Pacific taong 2004, kung saan ang kanyang mga natutunan ay magiging armas sa trabahong kakaharapin sa CCC. Ipinagpatuloy niya ang pag-aaral ng Post Graduate Program sa University of California, USA, na may kursong Business Administration na nakatuon sa Project Management. Sa kanyang kahusayan, naging bahagi siya ng Bayer HealthCare Product Supply Biotech sa California bilang Operational Excellence Project Officer at nagkaroon siya ng malawak na karanasan pagdating sa Supply Chain Management and Operational Excellence.

Bagamat walang direktang papel na ginampanan sa serbisyo-publiko, mulat ang kanyang diwa at kaisipan ukol dito sa matagal na panahong naging isang lingkod-bayan ang kanyang ama kung saan siya at ang kanyang pamilya ay boluntaryong nakikibahagi. Isa si Camille, o L.A. sa kanyang malalapit na kaibigan, sa mga nagtatag ng Tanza Youth Movement – isang NGO na layuning magkaroon ng progresibong pagbabago sa pamamagitan ng pinagsama-samang galing at kakayahan ng mga kabataan sa kanilang bayan.

Samantala, ang kanyang pagiging bihasa sa iba't ibang aplikasyon sa computer gaya ng SAP, iGrafx, MS Visio, Windows Movie Maker, MS Office, Adobe Photoshop at Premiere, ang kanyang sandata upang makatulong sa mga mag-aaral ng CCC at nang buong husay na mapalakad ang naturang institusyon. Baon niya rin sa tuwina ang pangaral ng kanyang ama at ang lahat ng natutunan sa mga pinagmulang organisasyon.

(ni Rochelle Dones)

### GODWYN N. BERNARDO, MD, MPH
Administrator, Satellite Hospitals



Pagdating sa usaping pangkalusugan, isa si Dr. Godwyn Bernardo sa masasabing bihasa at may kredibilidad dahil sa kanyang malawak na kaalaman at mahabang karanasan sa larangan ng medisina at programang pangkalusugan. Dahil dito, sa kanya ipinagkatiwala ni Gob. Jonvic Remulla ang responsibilidad bilang *overall head* ng *provincial strategy on public health* upang pangunahan ang pagbalangkas ng mga istratehiyang pangkalusugan para sa mga Kabitenyo.

Taong 1981, nagtapos si Dr. Bernardo sa Far Eastern University–NRMF ng kursong Bachelor of Science Major in Zoology. Ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral sa FEU at nakapagtapos ng medisina noong 1986. Mula noon, napasabak na si Dr. Bernardo sa linya ng kanyang bokasyon bilang isang doktor at nagsilbi siyang Municipal Health Officer sa ikalawang distrito noong 1989 na tumagal ng labing-isang taon. Halos kasabay nito, nagsilbi rin siyang Clinic Physician sa National Manpower and Youth Council mula 1990 hanggang 1999. Naging miyembro rin siya ng Board of Directors ng Family Planning Organization of the Philippines kung saan hinawakan niya ang iba't ibang komite sa programa at pananalapi.

Upang mapaunlad pa ang kanyang kakayahan at madagdagan ang kaalaman sa pangkalahatang kalagayang pangkalusugan, muling nag-aral si Dr. Bernardo ng Master in Public Health sa University of the Philippines at nagtapos noong Abril 2007. Kumuha rin siya ng Certificate Course sa Harvard School of Public Health sa Boston, Massachusetts sa Amerika kung saan kalaunan ay nagsilbi rin siyang Resident Advisor at Teaching Assistant. Lumahok rin siya sa maraming pagsasanay sa loob at labas ng bansa.

Ang kanyang hindi matatawarang kasanayan at kaalaman ay naging daan upang bigyan siya ng puwang sa Pamahalaang Panlalawigan bilang Consultant ng Gobernador sa mga programang pangkalusugan. Siya ang namahala sa programang Dignidad at Kalidad na nagbigay ng pagkakataon sa mahihirap na Kabitenyong magkaroon ng *access* sa serbisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng Philhealth. Tumulong din siya sa pagbuo at pagpapatupad ng mga reporma at polisiyang pangkalusugan sa lalawigan.

Sa kanyang kasalukuyang posisyon bilang *overall head* ng *provincial strategy on public health*, tungkulin niyang magsaliksik ng iba't ibang istratehiya at angkop na programa upang maabot ang mga mahihirap na Kabitenyo nang sa gayon ay maisaayos ang pangkalahatang kalagayang pangkalusugan ng mamamayan.

(ni Gina Pereña)

### GEORGE RAYCO REPIQUE JR MD., FPSGS, FPCS, CSEE
Administrator, GEAMH



Likas na matalino at masikap sa buhay, hindi kataka-taka kung bakit malayo na ang narating ni Dr. George Repique, Jr, ang bagong Chief of Hospitals ng panlalawigang pagamutan at mga sangay nito sa Cavite. Mula pagkabata, nagpamalas na siya ng talino at husay kaya't umani sya ng iba't ibang karangalan sa larangan ng edukasyon. Dala rin niya ang kahusayan hanggang sa kanyang propesyon bilang isang duktor kaya't siya'y kinikilala at hinahangaan ng kanyang mga kasama.

Si Dr. Repique ay nagtapos ng kolehiyo sa College of Public Health, University of the Philippines-Manila taong 1988. Habang siya'y nag-aaral, nagtrabaho rin siya bilang isang *student assistant* upang makatulong sa pagtustos ng kanyang edukasyon. Nagpatuloy siya ng pag-aaral ng medisina sa UP kung saan nagsilbi rin siyang *assistant professor* sa Dept. of Family and Community Medicine taong 1989 hanggang 1990 sa UP College of Medicine. Taong 1993, nakamit niya ang kanyang diploma at Agosto ng taon ding iyon, naipasa niya ang Physician Licensure Examination at naging isang ganap na duktor.

Upang maging dalubhasa sa linya ng medisina na kanyang napili, ginugol ni Dr. Repique ang kanyang Residency in General Surgery sa Philippine General Hospital kung saan nagsilbi siyang Medical Officer III mula 1995 hanggang 1998 sa Department of Surgery. Ginugol niya ang kanyang huling taon sa pagamutan bilang Medical Officer IV noong 1999. Enero 2001, lumipat siya sa Gen. Emilio Aguinaldo Memorial Hospital sa Cavite bilang Medical Officer III upang makapagsilbi sa mga kababayan. Ipinagpatuloy niya ang pagpapakadalubhasa at nagtapos sa UP Open University ng Masters in Hospital Administration taong 2001-2006. Kasabay nito, nagturo din siya sa University of Perpetual Help Rizal Jonelta Foundation mula 2001 hanggang 2004. Nakamit niya ang posisyong Medical Specialist III sa GEAMH noong 2004 hanggang mapaluklok siyang Chief of Hospitals ng panlalawigang pagamutan.

Sa kabila ng kaabalahan sa pagseserbisyo medikal, marami din siyang mga pag-aaral na ginawa at ang iba rito ay nalimbag gaya ng *"Response of Metastatic Well-Differentiated Thyroid Carcinoma to External Beam radiotherapy"* noong 1996 at *"Pulmonary Blastoma with Cryptococcoma: A Case Report"* sa PATACSI Journal taong 1997 na nanalo ng unang karangalan sa Boie-Takeda *Case Report Contest.*

Sa kasalukuyan, maliban sa pagiging Chief of Hospitals at Provincial Health Officer 1 ng GEAMH, *part-time medical administrator* din siya ng Medicard Philippines, Inc. at *consultant* ng St. Dominic Medical Center sa Bacoor.

(ni Gina Pereña)

### ENGR. LEOPOLDO GUTIERREZ TALATALA
Officer-in-Charge, General Services Office



Kung sa bituin ihahambing, si Engr. Talatala ang pinakamalaking bituin sa kapitolyo ng lalawigan ng Cavite. Isa rin siya sa pinakamakinang na tala sa kanyang tanggapan dahil sa kanyang pagiging masayahin.

Nagtapos si Engr. Talatala sa kursong Bachelor of Science in Civil Engineering sa Technological Institute of the Philippines noong 1980. Noon ding taong iyon, natanggap siya sa Provincial Assessor's Office bilang Deputy Assessor. Dahil sa kanyang ipinakitang kasipagan, unti-unting umangat ang kanyang posisyon at naging Senior Deputy Assessor noong 1983 hanggang 1987, Assessment Examiner V noong Pebrero hanggang Hulyo 1987 at Assessment Evaluation Officer VI mula 1987 hanggang 1989. Mula Enero hanggang Nobyembre 1990, hinawakan naman niya ang posisyong Local Assessment Operations Officer IV at bago nagtapos ang taon, siya ay nahirang bilang Assistant Provincial Assessor.

Bukod sa kanyang mahabang karanasan, pinag-ibayo rin niya ang kanyang kaalaman at nagtapos ng Masters in Business Administration sa Philippine Christian University noong 1998. Dumalo rin siya sa iba't ibang *training* at *seminar* upang madagdagan ang kanyang kasanayan tungo sa mas mahusay na pagseserbisyo sa mga kliyente ng kanilang tanggapan.

Hindi lamang sa kanyang trabaho abala si Engr. Talatala sapagkat aktibo rin niyang isinusulong ang kapakanan ng mga kapwa empleyado bilang Chairman of the Board ng Cavite Provincial Capitol Employees Multi-Purpose Cooperative. Naglalaan rin siya ng panahon sa mga gawaing-sibiko bilang Site Project Director ng Gawad Kalinga-Cavite at pangulo ng Rotary Club of Trece Martires City.

Sa loob ng mahabang panahon ng kanyang pamamalagi sa Provincial Assessor, nakitaan siya ng dedikasyon at hindi matatawarang husay sa trabaho na naging batayan upang ipagkatiwala sa kanya ang malaking responsibilidad bilang isang *department head*. Siya ay hinirang ni Gob. Jonvic Remulla bilang pinuno ng General Services Office kapalit ni Mr. Larry Monzon. Panibagong hamon ito sa kanyang kakayahan, subalit marami ang naniniwala na karapat-dapat siya sa naturang puwesto. Gayunman, hiningi niya ang kooperasyon ng bawat isa upang mas mapabuti ang panunungkulan at mas mabigyan ng angkop na serbisyo publiko ang mamamayang Kabitenyo. ( ni Gina Pereña)

### ENGR. MARIO C. SILAN
Officer-in-Charge, Provincial Housing Development and Management Office



Mula sa kanyang posisyon bilang Provincial Engineer, itinalaga si Engr. Mario Silan bilang hepe ng Provincial Housing Development and Management Office. Sa kanyang balikat naatang ang responsibilidad upang mangasiwa sa lahat ng proyekto ng lalawigan kaugnay sa pabahay at pagtugon sa kakulangan nito sa lalawigan.

Tubong Indang ang mahusay na inhinyero at kasalukuyang bise-presidente ng Provincial Engineer's Association of the Philippines (PEAP). Naging presidente rin siya ng Philippine Institute of Civil Engineers – Cavite Chapter mula 2004 hanggang 2008. Bukod sa samahan ng mga inhinyero, aktibo rin sya sa mga *civic organizations* sa bayan ng Indang kung saan miyembro siya ng Kiwanis Club of Indang at naging pangulo naman siya ng Rotary Club noong 2002-2003.

Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science in Civil Engineering sa Technological Institute of the Philippines noong 1979 at naging isang ganap na inhinyero noong 1980. Tila nakatakda siyang magsilbi sa mahal na lalawigan sapagkat pagka-*graduate* pa lamang nya ay namasukan na siyang Civil Engineer Aide sa PEO. Batid ng marami ang naging puhunan niya bago narating ang pagiging Provincial Engineer taong 2004. Mula sa pagiging *casual employee*, umakyat ang kanyang ranggo dahil sa ipinakita niyang sipag, tiyaga at tunay na galing bilang isang inhinyero. Inspirasyon niya rin sa kanyang mga adhikain ang kanyang pamilya, partikular ang kanyang butihing may-bahay na si Nerissa Pangaliman.

Kaisa ng mga Kabitenyo sa kampanya tungo sa maayos na pabahay at pamayanan, nakahanda si Engr. Silan na gampanan ang iniatang sa kanyang tungkulin. Tutulong siya na masugpo ang pagdami ng mga *illegal settlers* sa lalawigan, upang matulungan ang mga ito na magkaroon ng disenteng tirahan. Pangungunahan din niya ang pagbuo pa ng mga bagong programang pabahay na maglilingkod nang tapat sa mamamayan at mabigyan ng disenteng tahanan ang mga pamilyang Kabitenyong.

(ni Rochelle Dones)

### FELICIANO B. PAREDES
Chief, Civil Security Unit




Mabait at tahimik ngunit may tikas at tapang ng isang magiting na kawal. Ganito ang turing sa kasalukuyang hepe ng Civil Security Unit na si Feliciano B. Paredes. Tubong Salauag, Dasmariñas, matapat at matagal ng naglilingkod sa buong angkan ng Remulla si Chief Feli bilang tagapamahala sa kanilang seguridad. Kaya naman, nang mapaluklok si Gob. Jonvic, naitalaga siya bilang CSU Officer IV, sapagkat tunay na mapagkakatiwalaan at subok ang angking kakayahan ni Chief Feli na pangalagaan ang kaligtasan ng publiko at mga pag-aari ng pamahalaan.

Gaya ng mga nakaupong opisyales ng pamahalaang panlalawigan, magaang kausapin at madaling lapitan si Chief Feli. Laging bukas ang kanyang tanggapan sa sinumang nangangailangan ng tulong at nakahandang tugunan ang mga ito sa abot ng kanyang makakaya. Hindi niya ugali ang mangako, subalit pagdating sa aksyon at diskarte, lalo na kung sa usaping panseguridad sa lalawigan, maliit man ito o malaki, kanya itong tutugunan sa abot ng kanyang kakayahan. Maipagmamalaki ang kanyang *service record* mula 1972 hanggang taong 2000, bilang pulis sa Makati. Dala niya sa kanyang paglilingkod ang integridad, kisig at tapang ng loob ng isang Kabitenyo. Ang kanyang mahabang karanasan sa pagiging alagad ng batas ay nakatulong upang maging bihasa sya sa pamamahala ng seguridad, na akmang-akma sa kanyang tungkulin bilang hepe ng CSU.

Sa kasalukuyan, masayang namumuhay si Chief Feli sa Anabu I-D, sa bayan ng Imus kapiling ang kanyang butihing may bahay at mga anak.

(Ni Rochelle Dones)

### JESUS IGNACIO BARRERA
Provincial Planning and Development Coordinator



Bagong hepe…. Bagong patakaran….Ganito ang karaniwang implikasyon ng pagkakaroon ng bagong pinuno sa isang tanggapan. Ito rin ang naramdaman ng mga kawani ng Provincial Planning and Development Office sa pag-upo ng kanilang bagong hepe, si Sir Jess Barrera.

Hindi naman naging mahirap sa mga kawani ng PPDO ang pakikipagtalastasan kay Sir Jess. Ito ay sa dahilang dati na siyang nakakasama ng mga taga-PPDO sa mga pagtitipon bilang dating City Planning and Development Officer ng Cavite City mula 1999 hanggang 2010. Bukod dito, likas kay Sir Jess ang pagiging masayahin at mababang-loob. Sa tuwina, ang nakangiting mukha niya ang madaratnan ng kanyang mga kasama at ng mga pumupunta sa kanyang tanggapan. Dala marahil ito ng kanyang mahabang karanasan sa pakikisalamuha sa tao hindi lamang bilang kawani ng gobyerno kundi bilang isa ring pulitiko kung saan nag-ugat ang kanyang malalim na dedikasyon sa paglilingkod.

Pumalaot siya sa pulitika bilang konsehal ng Cavite City taong 1979 hanggang 1986 at 1988 hanggang 1995. Taong 1995 hanggang 1998 ay nagsilbi naman siya sa kanilang lungsod bilang bise alkalde.

Mataas din ang kanyang pagpapahalaga sa edukasyon. Ang kanyang kaalaman ay ibinahagi niya bilang isang guro sa iba't ibang institusyon gaya ng AR Technical Institute at San Sebastian College Recolletos. Dito mas natutukan niya ang edukasyon ng mga kabataan at mga mahihirap na kababayan.

Bilang bagong hepe ng PPDO, tapat at de kalidad na serbisyo publiko ang kanyang isinusulong. Handa siyang maglaan ng oras upang mas mapalawak ang kaalaman at makatulong sa mga mamamayang Kabitenyo. Bukal din sa kanya ang pagmamalasakit sa kanyang mga kawani at tunay na pinahahalagahan ang pakikipagkapwa kasabay ng paglilingkod sa bayan.

(ni Gina Pereña)

### LAURO DAYRIT MONZON
Officer-in-Charge, Provincial Accounting Office



Isa sa mga mahuhusay at maasahang haligi ng tanggapan sa kapitolyo, si G. Lauro Monzon o Sir Larry ang naging daan sa malaking transpormasyon sa hanay at pangkalahatang operasyon ng General Services Offices. Ang hindi alam ng marami, si Sir Larry ay isang Certified Public Accountant. Ito ang propesyong kanyang gamay bukod sa pagiging hepe ng GSO kaya naman sa pag-alis ng dating Provincial Accountant, agad siyang pinili upang pumalit sa pwesto dahil sa kanyang kaalaman sa *accounting practices* at mahabang karanasan sa gawaing ito.

Nagtapos siya ng kursong Bachelor of Science in Commerce Major in Accounting sa Imus Institute taong 1983. Nagtrabaho sya bilang *accountant* ng iba't ibang organisasyon gaya ng World Vision at Ma'Ma's Hope Haven of Norway at malalaking pribadong kumpanya gaya ng Metropolitan Bank and Trust Company. Bukod dito, kasalukuyan din syang Propesor sa Imus Institute at Managing Partner ng Monzon and Associates. Nagtapos din siya Masters in Business Administration sa Philippine Christian University.

Aktibo rin si Sir Larry sa kanyang buhay-Kristiyano at kabahagi sa pagpapalaganap ng pananampalataya kay Kristo bilang Executive Director ng Campfires for Christ, Asia at Chairman ng Audio Bible for South East Asia. Ang bokasyon niyang ito ay pinagtuunan ng pansin at kumuha siya ng Masters in Divinity – Cross Cultural Communication sa Philippine Missionary Institute taong 2004.

Taong 2007 nang umupong hepe ng General Services Office si Sir Larry. Isa ito sa malalaking departamento ng pamahalaang panlalawigan na may humigit-kumulang 150 empleyado. Nagpakilala siya ng mga bagong sistemang naipatupad ng mahusay kung kaya't naging mabilis at epektibo ang serbisyo ng GSO. Kasabay ng pagiging hepe, nahirang din siyang Director ng Cavite Coopreneurs Surety Fund, Chairman ng Cooperative Union of Cavite, Director ng Cooperative Bank of Cavite at Deputized Coordinator ng Provincial Disaster Coordinating Council.

Sa kasalukuyan, siya ay pinagkalooban ni Gob. Remulla ng bagong responsibilidad. Ibinigay sa kanya ang karapatan na pamunuan ang Provincial Accounting Office. Ito ay panibagong hamon sa kanyang kakayahan. Subalit sa pagkakataong ito, mas angkop ang kanyang pinag-aralan at pinagdaanan sa kanyang hahawakang tungkulin kaya't nakasisiguro siya ng tagumpay na mapamahalaan ng buong husay ang iniatang sa kanyang tungkulin.

(ni Gina Pereña)

## JO-ANN NAZARENO LOYOLA
Head, Provincial Information and Community Affairs Department



Nagsimula ng serbisyo publiko si Jo-ann Nazareno-Loyola bilang Sangguniang Kabataan Chairman sa bayan ng Naic noong 1993 hanggang 1996. Pinamunuan niya ang aktibong partisipasyon sa iba't-ibang programang pangkabataan katulad ng *sports* at *livelihood trainings* para sa mga *out of school youths*. Nagtapos siya ng kanyang kolehiyo sa De La Salle University ng kursong Business Administration at nagpatuloy siya ng kursong abogasya sa University of Sto. Tomas.

Naglingkod si Mam Jo sa Pamahalaang Bayan ng Naic bilang Executive Assistant II mula 2001 hanggang sa siya'y ma-promote bilang Supervising Administrative Officer ng Sangguniang Bayan noong 2008. Nang magsimulang maglingkod si Gobernador Jonvic Remulla si Mam Jo ay itinalagang bagong hepe ng Provincial Information and Community Affairs Department (PICAD) sa Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.

Bilang Provincial Information Officer, hangarin ni Mam Jo na ipaalam sa mamamayang Kabitenyo ang lahat ng mga kaganapan at pangyayari sa lalawigan ng Cavite bilang pagtugon sa kampanya ng ating gobernador na maging tapat sa bayan. Kalakip ng kanyang tungkulin ang maging tagapagsalita ukol sa mga programa o proyektong pinamumunuan ng pamahalaang panlalawigan ng Cavite. Hangarin niya na maging epektibo ang pagpapalaganap ng impormasyon upang lubusang matamo ng bawat kabitenyo ang serbisyo at benepisyong ipinagkakaloob ng pamahalaan.

## LIBERTY AGUSTIN-HERRERA
Head, Provincial Tourism Development Office



"Kung ano ang itinanim, siya rin ang aanihin." Ito ang panuntunan ng marami kasama na ang kasalukuyang namumuno sa Tourism Development Office na si Liberty A. Herrera. Bunga ng kanyang katapatan at kahusayan bilang empleyado ng pamahalaang panlalawigan, mula sa pagiging Tourism Promotion Officer noong 1988, ilang promosyon ang kanyang dinaanan hanggang maitalagang Supervising Tourism Operations Officer nito lamang taong 2010. Siya ang inatasang mamahala sa anumang programang makapagsusulong ng turismo sa Cavite.

Mas popular sa tawag na Libay mula sa prominenteng angkan sa bayan ng Indang, maituturing na isang huwarang ina sa kanyang dalawang anak at butihing kabiyak kay Ronel Herrera ang kasalukuyang Division Head. Todo suporta ang kanyang pamilya sa lahat ng nakikita nilang pagsusumikap at paglalaan ng oras ni Liberty tungo sa ikabubuti ng mga programa ng kanilang tanggapan. Kitang-kita ng marami ang kanyang dedikasyon sa pagtulong sa lalawigan sa pamamagitan ng mga proyektong panturismong kanyang pinamamahalaan, abutin man ito ng lagpas sa nakatakdang araw o oras ng trabaho.

Busog sa kaalaman at karanasan partikular sa mga aspetong may kinalaman sa turismo, nakahanda si Libay na tugunan ang hamon ng pagpapayabong sa turismo ng lalawigan, kaalinsabay ng pagpapaangat ng ekonomiya ng Cavite.

Siya at ang kanyang mga kasama sa tanggapan nila ay patuloy na magtutulung-tulong para sa iisang layunin, ang pagpapaunlad ng antas ng pamumuhay ng mga Kabitenyo sa tulong ng turismo.

(ni Rochelle Dones)

## LOURDES GARCIA CAMERO
Officer-in-Charge- Human Resources Office



Ate Lulu ang tawag sa kanya ng karamihan. Bukod sa pagiging mabait, malalim din ang dedikasyon nya sa kanyang tungkulin bilang OIC ng Human Resources Office. Kaya sa pansamantalang pag-alis ng hepe ng kanilang opisina, siya ang itinalagang OIC nito upang tiyaking maayos pa rin ang operasyon ng Human Resources Office.

Taong 1983 nang magtapos siya sa Polytechnic University of the Philippines ng kursong Bachelor in Business Management. Pagkatapos ng kanyang pag-aaral, nagsimula na ang karera sa *government service* ni Ate Lulu taong 1984 nang siya ay matanggap sa Office of the Governor bilang Clerk 1 at kalaunan ay naging Personnel Aide.

Ika-16 ng Pebrero, 1987 hanggang ika- 1 ng Enero 1998, hinawakan nya ang posisyong Human Resource Management Officer II. Dito, nakitaan sya ng husay sa larangan ng Human Resource kayat umangat ang kanyang puwesto bilang Human Resource Management Officer III noong ika-2 ng Pebrero, 1998.

Nakita niya ang pangangailangan na magpatuloy pa ng pag-aaral, kaya't noong taong 1999, nagpakadalubhasa siya sa Master in Management sa Philippine Christian University.

Sa kasalukuyan, hawak niya ang puwesto bilang bagong OIC ng HR. Inaasahan niya na sa sipag at dedikasyon sa hanap-buhay, maayos niyang magagampanan ang kanyang tungkulin upang mas magabayan ang mga kawani ng pamahalaang panlalawigan, mabigyan ang mga ito ng karapat-dapat na atensyon at kinakailangang kasanayan. Naniniwala siya na ang mahusay na pamumuno, balanseng displina, at bukas na ugnayan ng bawat empleyado ang susi upang mas maging produktibo ang mga kawani ng gobyerno.

(ni Gina Pereña)

## ROMEO L. MONTEHERMOSO, JR.
Provincial Jail Warden



Si Romeo L. Montehermoso ang itinalaga ni Gob. Jonvic Remulla bilang bagong *warden* ng Provincial Jail. Dating hepe ng Municipal Security Group ng Bacoor, konsehal at Civil Security Officer V ng Trece Martires City kung saan siya naninirahan, subok ang kanyang kakayahan sa pangangalaga ng seguridad at kaayusan.

Kung iisipin, malayo sa kursong tinapos ni Warden Montehermoso ang linya ng karera sa buhay na kanyang napasukan. Taong 1990 nang magtapos siya ng kursong BS Nursing sa St. Jude College. Nagamit niya ang kanyang pinag-aralan sa Hillcrest Medical and Surgical Clinic bilang *staff nurse* mula 1990 hanggang 1992. Matapos nito, naiba na ng linya ng trabaho si Warden at naging *consultant* ng Sta. Lucia Realty Development Corporation noong Setyembre 1995 hanggang Hunyo 1997.

Dumating din sa kanya ang tawag ng paglilingkod-bayan at siya ay hinimok na tumakbo bilang kagawad ng barangay De Ocampo. Naglingkod siya sa mga kababayan mula ika-11 ng Hunyo 1997 hanggang ika-7 ng Hulyo 2001. Matapos lamang ang isang termino, nahirang naman siya bilang Civil Security Officer V sa ilalim ng Pamahalaang Lungsod ng Trece mula 2001 hanggang 2006. Sandali rin siyang naglingkod bilang konsehal ng lungsod ng Trece Martires taong 2006-2007. Matapos ito, napadako siya sa Bacoor kung saan hinawakan niya ang mga posisyong Chief Security Officer II at hepe ng Municipal Security Group sa nasabing bayan mula 2008 hanggang 2010.

Sa kasalukuyan, abala si Warden Montehermoso sa pagkilos upang mas mapaigting ang serbisyo sa kulungan at mabigyan ng pantay pantay na atensyon ang mga bilanggo. Bukod dito, ilang mga proyekto ang kanilang sinimulan upang mas mapaganda ang Provincial Jail gaya ng pagkakaroon ng *CCTV camera* at pagpapatayo ng *session hall*.

(ni Gina Pereña)

## MA. CECILIA SOLIS GONZAGA
Head, PESO (Public Employment Services Office)



Hangad ang makatulong sa kapwa Kabitenyo na magkaroon ng marangal na hanapbuhay, sinisikap ng walang-kapagurang PESO Manager ng Cavite na makapaglunsad ng iba't ibang programa alinsunod sa layon ng kanilang tanggapan. Kilala bilang Ms. Cecil sa kanyang mga kasamahan sa kapitolyo, hindi siya tumitigil sa pakikipag-ugnayan sa mga kumpanya at *employers* sa loob at labas ng probinsiya upang makatukoy ng mga hanapbuhay para sa mga Kabitenyong nais makapagtrabaho at umangat ang antas ng pamumuhay.

Mula sa bayan ng Tanza, bihasa sa iba't ibang linya ng serbisyo-publiko matapos humawak ng maraming responsibilidad kabilang ang pagiging Vice-President para sa Region IV-A ng Regional PESO Managers Association at Pangulo ng PESO Managers Cavite Area Association. Naitalaga rin siyang Municipal Tourism Officer at Municipal Housing Administrator ng bayan ng Tanza bukod pa sa mga posisyong kanyang hinawakan sa mga pribadong organisasyon. Nagtapos siya ng kurso sa Computer Science sa San Sebastian College-Recoletos at ipinagpatuloy ang pagpapalawak ng kanyang kaalaman sa Philippine Christian University kung saan niya tinapos ang kanyang Masters in Business Management at kumuha ng karagdagang units sa Public Administration.

Ang masipag at masigasig na katulad ni Ms. Cecil, ang kailangan ng mamamayan at ng lalawigan upang maiakyat ang employment rate sa Cavite. Tunay ngang ang sipag at tiyaga, lalo na sa paghahanap at pagkamit ng minimithing trabaho, ang susi sa maunlad na pamumuhay. Naaayon na rin sa paniniwala ni Ms. Cecil, ang pag-unlad ng bawat indibidwal ay pag-unlad din ng isang pamayanan, at kung pagsasamahin, susulong ang buong lalawigan.

(ni Rochelle Dones)

## ENGR. GEORGE BUENAFLOR FOJAS
Officer-in-Charge – Provincial Engineer's Office



Mula sa bayan ng Tanza si Engr. Fojas. Nag-aral siya ng elementary sa Amaya Elementary School at sa Cavite National High School naman siya nagtapos ng sekondarya. Taong 1978 nakapagtapos siya ng kolehiyo sa kursong Bachelor of Science in Civil Engineering sa Far Eastern University. Sa kanyang pagsisikap at pagtitiyaga naging ganap siyang inhenyero nang pumasa sya sa Civil Engineering Board Examination noong December 1981.

Sa paglalayong mapaunlad ang sarili, nagsimulang magtrabaho si Engr. Fojas sa National Irrigation Administration bilang Engineer B noong 1982 hanggang 1990. Taong 1990 hanggang 1992 lumipat siya at naglingkod sa pamahalaang panlalawigan ng Cavite bilang Engineer III sa Provincial Engineer's Office. Dahil sa husay at dedikasyon sa trabaho, noong January 3, 1992 itinalaga siyang Municipal Engineer ng bayan ng Tanza. At sa kasalukuyan, sa pamumuno ni Gob. Remulla, naatasang pamunuan ni Engr. Fojas ang Provincial Engineer's Office.

Kasapi si Engr. Fojas ng iba't-ibang samahan kagaya ng Philippine Institute of Civil Engineers (PICE), Cavite Association of Municipal Engineers (CAME) at ng Philippine Association of Building Officials (PABO). Aktibong miyembro rin siya ng Free and Accepted Masons of the Philippines.

(ni Janice del Mundo)